# KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA ISANG INTERBENSYONG PROGRAMA

---

Isang Tesis
Iniharap sa
Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar State University
Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi
ng mga Gawaing Itinakda para sa Degring
Master sa Sining ng Edukasyon
Medyor sa Edukasyon Pang-Elementarya

---

**FELIXZARO R. BORATA**

Marso, 2002

## DAHONG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito na pinamagatang, "KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA ISANG INTERBENSYONG PROGRAMA" na inihanda at iniharap ni FELIXZARO R. BORATA, na pumasa sa komprehensibong pagsusulit ay inirekomenda para sa pagsusulit na pabigkas.

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Lupon Pagsusulit na Pabigkas noong Marso 10, 2002 na may markang PASADO.

**EUSEBIO T. PACOLOR, Ph.D.**
Vice-President for Academic Affairs
Tagapangulo

**ANITA P. LEGATUB**
Kawaksing Profesor V, SSU
Kagawad

**FELICITAS R. LABENDIA**
Kawaksing Profesor I, SSU
Kagawad

**JOSE S. LABRO, Ph.D.**
Vice-President for Administration
Kagawad

---

Tinanggap bilang isang bahagi ng pagtupad para sa Degring Master sa **Sining ng Edukasyon**, medyor sa **Edukasyong Pang-elementarya.**

**Marso 10, 2002**
Petsa ng Pasalitang Pagsusulit

**MARILYN D. CARDOSO, Ph. D.**
Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

## PAGKILALA

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga institutsyon at mga taong naging bahagi at malaking naitulong: pagod, panahon, kaalaman at kasanayan sa pag-aaral na ito:

Sa Samar State Polytechnic College (SSPC) Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, at Pambansang Aklatan, Manila, na nagbigay pahintulot sa mananaliksik na makakuha ng kaugnay na mga literatura at pag-aaral;

Kay Dr. Ulrico B. Mustacisa, Edukasyongong Supervisor (Filipino), Sangay ng Samar, kanyang tagapayo, na siyang humimok sa mananaliksik na mag-aral sa masteral at sa pakikibahagi ng kanyang talino, kahusayan at kabatiran;

Sa lupon ng pagsusulit na pabigkas, kina: Dr. Eusebio T. Pacolor, Dekano, bilang Tagapangulo at mga kasapi: Dr. Jose Labro, Prof. Anita P. Legatub at Prof. Felicitas R. Labendia na nagbigay ng mga puna, suhestiyon at rekomendasyon;

Kay G. Guillermo Lagbo, Kawaksing Puno ng National Statistics Office (NSO), Catbalogan, Samar, sa kanyang di-makasariling pakibahagi ng kagalingan at kabatiran sa istadistika;

Kay G. Manuel Baron, matalik na kaibigan ng mananaliksik na tumulong sa pangangalap ng mga pag-aaral at datos sa Pambansang Aklatan ng Manila;

Sa kanyang mga magulang, mga kapatid at asawa, sa walang humpay na pagsuporta at pag-unawa at nagsilbing inspirasyon upang tapusin at kamtan ang tagumpay na ito;

Higit sa lahat, sa Dakilang Lumikha na nagbigay ng lakas at talino sa mananaliksik para magkaroon ng liwanag, ang bawat gawain, at matamo nang lubos ang katuparan at tagumpay ng gawaing ito.

**F. R. B.**

# HANDOG

Ang aklat na ito ay buong puso kong inihahandog sa aking maunawain

at mapagmahal na mga magulang:

**G. at Gng. Felimon C. Borata, Sr.;**

Mga kapatid:

**Bb. Filma R. Borata; Bb. Felicita R. Borata; Dr. Felino R. Borata,** at

**Engr. Felimon R. Borata, Jr.;**

Sa pinakamamahal kong asawa,

**Gng. Telesfora L. Borata;**

mga anak:

**Felix Gian L. Borata;**

**Fiel Andrei L. Borata; at**

**Florei Mae L. Borata;**

mga kaibigan at higit,

Sa **Poong Maykapal.**

**FELIXZARO**

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makagawa ng isang interbensyong programa para sa mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng Edukasyon Pantahan at Pangkabuhayan (EPP), Sangay ng Samar sa taong, Panuruan 1999-2000. Ginagamit sa pag-aaral na ito ang palarawang pamaraan bilang disenyo ng pananaliksik. Ang pamaraang ito ay nagging madali para sa pag-unawa at pagbigay interpretasyon sa nalikom na mga datos na nagbigay ng mga kasagutan sa mga suliranin inilahad sa unag kabanata. Sa kabila ng mga suliraning kinaharap ng mga guro sa EPP, sila ay may mga solusyon para dito. Ayon sa kanilang ebalwasyon, mga naitalang solusyon ay tinaya sa 4.29 na may katumbas na "sumang-ayon". Ibig sabihin, ang mga solusyon ito ay nakatulong sa pagpapagaan ng kanilang mga suliranin sa pagtuturo ng EPP bilang asignatura. Isamg desinyo ng salingkurang pagsasanay ang binuo at isasagawa bilang isang interbensyong program sa pag-aaral na ito. Walang mahalagang pagkakaiba sa persepsyon ng mga guro sa EPP at mag-aaral sa intermedya ukol sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa limang indikeytor. Magkatugma ang pananaw ng kapwa guro at mag-aaral sa pagtuturo at pagkatutong sitwasyon na kanilang nadarama. Bagama't may mga suliraning kinaharap ang mga guro sa pagtuturo at ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng EPP, ang mga ito ay hindi gaanong nagging sagabal sapagkat sila ay nagkaroon ng kagyat na solusyon para sa mga ito. Isang salingkurang pagsasanay sa nauugnay na disiplina ay tugon sa pangangailangan ng mga kinauukulan.

# TALAAN NG NILALAMAN


Pahina

DAHONG PAMAGAT ........................................ i

DAHONG PAGPAPATIBAY ........................................ ii

PAGKILALA ........................................ iii

PAGHAHANDOG ........................................ v

ABSTRAK ........................................ vi

TALAAN NG NILALAMAN ........................................ vii

Kabanata

1 ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO .................. 1

Panimula ........................................ 1

Paglalahad ng Suliranin ........................................ 4

Ipotesis ........................................ 5

Batayang Teyoritikal ........................................ 7

Batayang Konseptwal ........................................ 8

Kahalagahan ng Pag-aaral ........................................ 10

Saklaw at Delimitasyon ........................................ 12

Katuturan ng mga Talakay ........................................ 12

Kabanata Pahina

2 REVYU NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL .................................... 17

Mga Kaugnay na Literatura .............................. 17

Mga Kaugnay na Pag-aaral .............................. 22

3 METODOLOHIYA .................................... 31

Desinyo ng Pananaliksik .............................. 31

Instrumentasyon .................................... 32

Validasyon ng Instrumento .............................. 33

Paraang Sampling .................................... 34

Paglikom ng mga Datos .............................. 35

Paglalapat Istadistika ng mga Datos .................. 36

4 PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS .................................... 40

Profayl ng mg Gurong Tagasagot .......................... 40

Pagtatamong Antas (Achievement Level) ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taong Pagsusulit (Midyear Test) sa EPP ng mga Baitang IV, V at VI .......................... 49

Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagturo ng Eduksyon Pangtahanan at Pangkabuhayan (EPP) Ayon sa mga Guro at Mag-aaral .................................... 51

Mahalagang Pagkakaiba sa Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo ng EPP Batay sa Limang Indikeytor .......................... 63

Kaugnayan ng Natamong Antas ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taong Pagsusulit sa EPP at ang Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa EPP .............. 68

Kabanata Pahina

Mga Suliraning Kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Pagkakatuto sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan ............ 70

Mga Solusyon sa mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan ........................ 73

Ang Interbensyong Programa na Maaring Isasagawa Mula Sa Kinalabasan ng Pag-aaral na ito ......................... 73

5 LAGOM NG MGA KINALABASAN, KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON ................................ 76

Lagom ng mga Kinalabasan ............................... 76

Mga Konklusyon ............................... 80

Mga Rekomendasyon ...................................... 81

6 ISANG DESINYO SA SALINGKURANG PAGSASANAY ...................................... 83

TALASANGUNIAN ............................... 88

APENDISES ....................................... 93

KURIKULUM BITA ............................... 103

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN ........................ 109

TALAAN NG MGA PIGURA ............................... 111

## Kabanata 1

## ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

### Panimula

Isa sa mahalagang salik sa paglilipat ng mga kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral ay ang guro. Siya ang naglalahad, nagpapaliwanag at nagpapakitang-turo sa mga bagay na dapat matutunan ng mga mag-aaral. Sa katunayan, ang guro ang gumaganap ng mahalagang bahagi sa pagpapaunlad sa mga bata, sa pisikal, mental, moral at ispirituwal na aspekto. Nakasalalay sa kanya ang kinabukasan ng mga mag-aaral. Siya ang humuhubog sa mga ito upang maging kapaki-pakinabang na mamamayan sa lipunan at sa sanlibutan.

Ayon pa kay Gomez (1997:341) sa kanyang isinulat na artikulo na pinamagatang, "Teachers' Role for Education 2000", sa panahon ngayon na kung saan ay maraming pagbabago ang nagaganap sa ating pamayanan, mga pag-unlad sa larangan ng teknolohiya at komunikasyon, ang tungkulin at responsabilidad ng guro ay nananatiling ganoon pa rin - ang ihanda ang mga susunod pang henerasyon nag awing kapaki-pakinabang ang kanilang kontribusyon sa pamayanan at sangkatauhan sa kabuuan. Paano nga ba maihahanda nang matagumpay ng guro ang mga kabataan upang sila ay makasabay sa mabilis na pagbabago na kung saan ay kinakailangan niyang

makilahok, makiisa at makibahagi dito? Kinakailangan na maging epektibo ang guro sa paglilipat ng mga kaalaman at kasanayan upang ang mga ito ay maunawaan ng mga mag-aaral at mailapat sa tunay na sitwasyon sa kanilang buhay.

Sa ganitong pagkakataon, upang maging epektibo ang isang guro, kailangan niyang magtaglay ng mga karapatdapat na kaalaman, kasanayan at iba pang katangian, dahil papaano niya maihahanda ang mga mag-aaral sa paggawa ng mga bagay-bagay kung siya sa sarili ay hindi alam ang gagawin o hindi kayang isakatuparan ang mga layunin at mithiin ng edukasyon. Ang kakayahang taglay ng guro sa paglilipat ng mga kaalaman ang siyang pangunahing sandata sa pagharap sa anumang laban na nakapaloob sa apat na dingding ng silid aralan.

Kasama sa layuning maitaas ang antas ng mga mamamayan sa pagiging produkto nito, isang asignatura ang ipinasailalim din sa Bagong Kurikulum sa Paaralang Elementarya (NESC) upang ituro sa lahat ng mga batang mag-aaral sa buong Pilipinas sa mga pampublikong paaralan, ang Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ito ay itinuturo sa mga batang lalaki at babae sa intermedya ng may animnapong minute (60) or isang oras. Ang pagtutro ng EPP ay nagsimula noong Panuruang Taon 1987-1988 sa ikalimang baitang at 1998 hanggang sa kasalukuyan para sa ikaanim na baitang.

Kung susuriin natin ang nilalaman ng asignaturang ito at pahapyaw na babanggitin; mapapag-aaralan ng mga bata ang tungkol sa mga kapakanang pansarili at mag-anak. Iba't ibang gawaing pangkabuhayan na maaaring mapagkakitaan upang malinang ang pagpapahalaga at pagmamahal sa paggawa. Kasama na rin dito ang mga kaalaman at kasanayan sa mga gawaing pang-agrikultura, pag-alaga ng mga hayop at isda, gawaing pang-industriya, pagtitinda, paghahanda, pagluluto at pag-iimbak ng pagkain. Pananahi at iba pang kaugnay ng gawaing tulad ng pagbuburda at paggantsilyo ay mga kasanayan ding dapat malinang ng mga mag-aaral sa elementarya.

Inaasahang matatamo sa asignaturang EPP at malilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga kapakipakinabang na Gawain at maisasaloob nila ang mga magagandang asal at gawi para sa paggawa upang higit silang maging produktibo at may pananagutang kasapi ng mag-anak, pamayanan, at lipunan.

Anumang kaalaman, kakayahan at kasanayang dapat matutunan ng mga mag-aaral ay kinakilangang higit pa rito ang kakayahan ng mga guro na nagtuturo sa EPP, dahil paano niya matagumpay na maililipat at epektibong malinang ang mga ito kung wala silang angking kakayahan at kung mayroon man hanggang saan?

Sa Sangay ng Samar, karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan ay nagtuturo rin ng mga asignaturang

akademiko. Baka naman mas epektibo pa o may kakayahan pa sila sa pagtuturo ng ibang asignatura kaysa sa Home Enomics and Livelihood Education o EPP. Dahilang sa mga nabanggit na kalagayan nagganyak ang mananaliksik na magsagawa ng masinsinang pagtatayang pag-aaral kaugnay sa kakayahan ng mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng naturang asignatura na magsisilbi ring bayatan para sa pangkalinangan ng lupon. Umaasa ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magiging kapakipakinabang hindi lamang sa kanya kundi pati na rin sa mga kinauukulan.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makagawa ng isang interbensyong programa para sa mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP), Sangay ng Samar sa Taong Panuruan 1999-2000.

Sinagot ang sumusunod na tiyak na mga katanungan:

1. Ano ang profile ng mga gurong nagtuturo ng EPP batay sa:

   1.1 Gulang at kasarian;

   1.2 Katayuang sibil;

   1.3 Posisyon bilang guro;

   1.4 Bilang ng taon ng pagtuturo;

   1.5 Kwalipikasyong edukasyonal;

1.6 Salingkurang pagsasanay na nilahukan; at

1.7 Buwanang kita?

2. Ano ang pagtatamong antas (achievement level) ng mga mag-aaral sa Panggitnang Taon Pagsusulit (Mid-Year Test) sa EPP ng mga baitang IV, V at VI?

3. Ayon sa mga guro at mag-aaral, ano ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP batay sa mga sumusunod:

3.1 Paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo;

3.2 Pagpili ng layunin sa binagong kompetensi;

3.3 Paggamit ng pamaraaan/ pagdulog/ istratehiya;

3.4 Paggamit ng pantayang mga instrumento; at

3.5 Pagbigay ng takdang gawain?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan sa pagtuturo ng EPP batay sa limang nakalahad na indikeytor?

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan ang natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit sa EPP ng mga baitang IV, V at VI at ang antas ng kakayahan ng mga guro?

6. Anu-ano ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo at mga mag-aaral sa kani-kanilang pagkatuto?

7. Anu-anong solusyon sa mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo at mga mag-aaral sa pagkatuto sa EPP na natuklasan?

8. Anong interbensyong programa ang maaaring isagawa mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito?

## Mga Ipotesis

Batay sa nabuong suliranin, ang mga ipotesis na ito ay sinubok:

1. Walang mahalagang pagkakaiba ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa mga sumusunod na indikeytor:

1.1 Paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo;

1.2 Pagpili ng layunin sa binagong kompetensi;

1.3 Paggamit ng pamaraaan/pagdulog/istratehiya;

1.4 Paggamit ng pantayang mga instrumento; at

1.5 Pagbibigay ng takdang gawain.

2. Walang makabuluhang kaugnayan ang natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon sa pagsusulit sa EPP at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo.

**Batayang Teyoritikal**

Isinasaad sa "DECS Order" Bilang 92, serye ng 1988 ang Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan ay may sumusunod na "salient features": ito ay para sa mga mag-aaral na lalaki at babae; nakatuon ito sa paglinang ng responsibilidad at kapakipakinabang na pakikilahok; nagbibigay ito ng mga gawain na nagbibigay pansin sa paglinang ng magandang asal sa pagtatrabaho, kasanayan at gawi sa pamamagitan ng mga araling may kaugnayan at paggawa ng mga may pakinabang na proyekto; saklaw nito ang Pantahanan, Agrikultura, Sining Pang-industriya at "retail trade", at iba pang gawaing pngkabuhayan na binalak sa paglinang sa kaalaman sa pagtatrabaho at hinihikayat nito nang masinsinan ang isang panggawain kasanayan.

Layunin ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ang ipatamasa sa lahat ng mga mag-aaral ang isang may kaugnayan at dekalidad na uri ng edukasyon upang mahubog din ng mga dekalidad, produktibo, malikhain at handang mga mamamayan para sa pagharap sa mga pagbabagong nagaganap sa kasalukuyan lalo na sa larangan ng agham, teknolohiya at industriya na kailangan para sa pagbuo ng isang bansa tungo sa tagisan pandaigdigan.

Isinaad din sa Batas Pambansa Bilang 232 na tinatawag ring Education Act of 1982, isa sa mga layunin ng edukasyon ng Pilipinas ay ang paunlarin ang karanasan sa paggawa na siyang lilinang sa oryentasyon ng mga bata sa mundo

ng paggawa at pagiging malikhain at ihanda sila sa pag-uukol ng isang matapat at kapakipakinabang na gawain.

**Batayang Konseptwal**

Ang Figyur 1 sa kasunod na pahina ay batayang konseptwal ng pag-aaral. Sa paanan nito ay ang Sangay ng Samar bilang kaligiran ng pananaliksik. Sa itaas nito ay may pinaghating kahon na nakapaloob ang mga tagasagot: mga guro na nagtuturo ng EPP at mga mag-aaral sa intermedya. Isang palasong pataas ang tumutukoy sa tatlong mga kahon sa kalagitnaang bahagi: sag awing kaliwa ay ang profile ng mga guro sa EPP; naglalaman ng gulang at kasarian, katayuang sibil, posisyon bilang guro, bilang ng taon sa pagtuturo, kwalipikasyong edukasyunal, salingkurang pagsasanay na nilahukan at buwanang kita.

Katabi nitong kahon sa kaliwa ay ang paggitnang taon pagsusulit sa EPP na iniuugnay sa kahong nasa kanan; kahusayan ng guro sa EPP na naglalaman ng midyum na panturo, pagpili ng layunin sa binagong kompetensi, paggamit ng pamaraan/pagdulog at istratehiya, paggamit ng pantayang instrumento at pagbibigay ng proyekto o takdang gawain.

Sa pamamagitan ng proseso ng pag-aaral, pinag-ugnay ang mga ito; ang pagkakaiba o kaugnayan at ang antas ng kakayahan ng guro base sa pagsusulit




**Figura 1. Batayang Konseptwal ng Pag-aaral**

sa EPP sa mga mag-aaral na tagasagot. Ito'y humantong sa kinalabasan at implikasyon ng pag-aaral na nasa kasunod na kahong paitaas.

Mula sa implikasyong ipinahihiwatig ng pag-aaral na ito at sa mga tagubilin; ito'y hahantong sa isang interbensyong programa sa EPP para sa pangkalinangan ng lupon na matatagpuan sa panghuling kahon. Base sa desinyong naisagawa, ito'y isasakatuparan, kung kaya't ang mga putol-putol na linya mula sa kahong ito ay magsisilbing balik-sulyap o feedback na mekanismo tungo sa pinagmulan ng pananaliksik. Sumakatuwid, ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay natupad.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito hinggil sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ay mahalaga para sa mga sumusunod: guro, mag-aaral, administrador ng mga paaralan, magulang, at hinaharap na mananaliksik.

**Sa mga Guro.** Matiyak nila kung hanggang saan ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP sa alinmang lawak. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito masusukat din nila kung gaano kalawak o kabisa ang kanilang pagtuturo. Ang mga kakulangan sa pagtuturo ng EPP, gayunpaman matutukoy ang mga hakbang na dapat isagawa sa ikabubuti at ikatatagumpay ng kaniylang propesyon.

<u>**Sa mga mag-aaral.**</u> Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga batang nasa intermedya na nag-aaral ng EPP. Bukod pa makatutulong ito upang matutunan ang mga kaalaman hinggil sa kanilang kasanayan sa mga gawaing pantahanan o pansarili at pangkabuhayan na maaaring ilapat sa pangaraw-araw na pamumuhay lalo na't sa panahong ito ang mga kabataan ay puwede nang maging kabalikat ng kanilang mga magulang.

<u>**Sa mga administrador ng mga paaralan.**</u> Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sa kanila upang matiyak at matugunan ang kakayahan ng mga gurong inatasan at pinagkatiwalaang magturo sa alinmang lawak ng EPP. Makagagawa sila ng mga panuntunan o aksiyong administratibo na angkop para sa mga kinauukulan. Sa pamamagitan ng mga kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga mahahalagang datos na kakailanganin para sa pagbuo ng iba pang programa ng nauugnay sa isang matagumpay na pagtuturo at pagkatuto sa larangang ito.

<u>**Sa mga magulang.**</u> Makabuluhan ang pag-aaral na ito para sa mga magulang dahilan sa ang kaalaman at kasanayang natamo ng kanilang mga anak, sa mga gawaing pangkabuhayan at pantahanan magkakaroon ito ng aktwal na aplikasyon sa kani-kanilang mga tahanan at maging sa daigdig ng mga gawain.

**Sa mga hinaharap na mananaliksik.** Makatututlong ito sa mga mananaliksik na may hangad makakuha ng mga impormasyon na magsisilbing gabay para sa isang panubaybay na pag-aaral.

## Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tayain ang kakayahan ng mga gurong nagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan sa intermedya at antas na natamo ng mga mag-aaral sa panggitnang pagsusulit sa EPP, kaalinsabay sa pagbuo ng interbensyong programa.

Limitado ang mga tagasagot na gurong nagtuturo ng EPP na may kabuuang bilang na 32; 20 mga babae at 12 ang mga lalake. Dalawang daan apat napu (240) ang mga mag-aaral na mula sa mga paaralang isla, kostal, karlyn at bundukin.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Sangay ng Samar taon panuruan 1999 - 2000.

## Katuturan ng mga Talakay

Ang mga katawagan sa pag-aaral na ito ay binigyan ng katuturan ayon sa konseptwal at operasyunal na kahulugan.

**Agrikultura.** Sining o agham ng paglinang ng lupa, pagtatanim, pag-aalaga at pag-aani ng mga halaman, gaya ng palay, mais, atbp. (Talatinigan,




**Pigura 2.** Mapa ng Sangay ng Samar na nagpapakita ng lugal at kalahok na mga paaralan ng pag-aaral.

1998). Ito ay isang saklaw ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan na itinuturo sa mga mag-aaral na lalaki at babae sa intermedya nang isang markahan.

**De kalidad na edukasyon.** Ayon sa Kunstitusyon 1987, mataas na uri ng edukasyon. "DECS thrust". Isang uri ng edukasyon na may mataas na antas, na dapat matamo ng mga mag-aaral sa mga paaralang bayan o pribado.

**De kalidad na pagtuturo.** Isang uri ng pagtuturo o paglilipat ng kaalaman at kasanayan ayon sa nakalaang kompetensi at may pagtatamong antas na higit sa 75 na bahagdan. Ang gawaing ito ay nasa kahusayan sa paggamit ng angkop na pamamaraan, istratehiya, hakbang at mga teknik at naangkop na pantayang instrumento at mataas ang pagtatamong antas ng mga mag-aaral na nakukuha.

**Edukasyong, Pantahanan at Pangkabuhayan.** Isang asignatura sa mababang paaralan sa ilalim ng Binagong Kurikulum sa Elementarya (NESC) na binubuo ng apat na komponent: Sining Pang-industriya, Agrikultura, Pantahanan at "Retail Trade" o Tingiang Pagtitinda. Inihahanda sa asignaturang ito ang mga bata iba-ibang gawain gaya ng nabanggit upang mapalawak ang kaalaman at malinang ang kasanayan sa mga gawaing may kinalaman sa pagpapaunlad ng pangkabuhayan.

**Edukasyong Pangkabuhayan.** Isang lawak ng Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan na itinuturo sa mga batang lalaki at babae sa intermedya na naglalayon malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga gawaing mapagkakakitaan at mapabuti ang kanilang pamumuhay.

**Edukasyong Pantahanan.** Isang komponent ng EPP na ipinapatamasa sa lahat ng mag-aaral na lalaki at babae sa intermedya na naglalayong malinang ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pangangalaga sa sarili at pangangasiwa sa tahanan.

**Interbensyong programa.** Isang desinyo ng pagsasanay na para sa pagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan para sa pangkalinangan ng lupon o kinauukulan.

**Intermedya.** Baitang sa pag-aaral mula sa ikalima hanggang ikaanim na baitang sa mababang paaralan.

**Pagtataya.** Isang paraang ginagamit sa pagsusukat ng katatagan o kahinaan ng isang programa. Sa pag-aaral na ito, ginamit ito bilang kasangkapan sa pagtukoy kung hanggang saan ang kaalaman, kakayahan at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan.

**Sining Pang-industriya.** Isa sa apat na komponent ng EPP na kumakatawan sa mga gawaing kamay na itinuturo sa mga mag-aaral na lalaki at babae sa ikalima at ikaanim na baitang. Nababahagi ito sa dalawang uri ng

gawaing industriya: una ay ang gawaing kamay na mga gawaing gumagamit ng mga materyales na matatagpuan lamang sa pamayanan, tulad ng kawayan, himaymay, niyog at kabibe, yantok at rattan, balat at katad. Kasama rin dito ang paggawa ng laruan, basket at pagbabalot ng libro. Ang panglawa ay ang pangkalahatang industriya na sangkot naman ang mga gawaing kahoy, gawaing metal, gawaing luwad o seramika, elektrisidad at sining panggrapika.

**Tingiang Pagtitinda.** Pang-apat na komponent ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan na may kinalaman sa wastong pamamahala o pangangasiwa sa pagtitinda ng iba't ibang pangangailangan ng bawat mag-anak sa pamayanan at karagdagang kita sa sinumang nagtatayo nito.

Kabanata 2

# PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL

Sa kabanatang ito inilalahad ang mga literatura at pag-aaral mula sa mga aklat, magasin, di-nalathalang mga babasahin at iba pang mga kasulatan o dokumentong nauugnay sa pag-aaral na ito na nagsilbing gabay para sa pagbuo ng mga suliranin.

## Kaugnay na mga Literatura

Si Navarro (1973:54) inilahad ang Department Order No. 6 s. 1973 ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura, ang mga tiyak na panuntunan sa redireksyon kurikular. Isinasaad sa kautusang ito ang pangkalinangan mental na halaga; tulad ng sariling disiplina, pagkamatapat, sosyal na pananagutan, pagkamatipid, pagkamasinop sa gawain at pagkamasunurin. Para sa pagsasanib ng edukasyon at pangkabuhayan; ang nilalaman ng lahat ng mga asignatura sa lahat ng antas na dapat nauugnay sa kondisyon ng panahon, aktwal na pangangailangan ng mga tao, o pambansa at local na sitwasyon at ang mga suliraning kinakaharap ng bansa. Dagdag pa, ang kurikulum ay dapat maglaan ng kagyat na pangangailangan at mga suliraning kinakaharap ng bansa; kung kayat, isasama ang pagtuturo ng populasyon sa edukasyon, nutrisyon, produksyon ng pagkain, konserbasyon at akmang paggamit ng likas na yaman,

pagbubuwis, kooperatiba at konsyumer na edukasyon at ang pagbili ng mga Pilipinong gawa. Bukod pa, lahat ng pagtuturo ay lilinang sa komprehensibong pag-unawa sa lahat ng mga asignatura at ang kahalagahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang mga nabanggit ay makatotohanan pa hanggang sa kasalukuyang panahon. Sa pangwakas na pahayan in Belen (1973:71); aniya, ang paglaki at ang pagkamatatag ng ating lipunan ay umaasa sa sosyal na kayamanan ng ibang bansa; sumakatuwid, nakasalalay ito sa mga produktong yari ng mga manggagawang may kasanayan. Ang mga manggagawang ito ay resulta ng isang organisadong sistema ng bokasyunal-teknikal na edukasyon. Gayunpaman, ang pag-unlad at katatagan ng isang lipunan na nakasandal sa apat na sulok ng pinakamabisa at mahinusay na edukasyong nakabubuo ng mga kasanayang lakas-tao sa iba-ibang kategorya. Ang edukasyon bokasyunal, sa huli't sabi, ay ang tunay na tugon para sa isang maunlad na ekonomiya at sosyal na pangkalinangan.

Si Seladanan (1988:70) ay nagpatotoo at isinaad niya kung mayroon isang kurso na nabubuhay at isinasagawa sa pang-araw-araw na buhay ay walang iba kundi ang Edukasyon Pantahanan at Praktikal na mga Sining. Sa katunayan mayroon palagi ang dalawang ito sa sandal ng paggising ng isang tao hangga't siya'y matulog sa gabi.

Sa pagbibigay halaga sa mga ito, ang mga edukador at tagaplano ng kurikulum ay nakapagpasiya nag awing asignatura bilang bahagi ng pangkalahatang edukasyon programa sa kapwa elementarya at sekondaryang antas ng edukasyon.

Ang pangkalahatang tungkulin ng Edukasyon Pantahanan at Praktikal na Sining bilang bahagi ng pangkalahatang edukasyon program ay naglalayong makalinang ng kabatiran, pang-unawa, kakayahan, kasanayan at kaaya-ayang saloobin na kailangan sa pang-araw-aras na pamumuhay.

Ang pangunahing layunin sa pagtuturo ng Edukasyon Pantahanan at Praktikal na mga Sining ay matasa ang kakayahan ng bawat indibidwal na makaahon sa kanyang personal at sosyal na pamumuhay at kaalinsabay nito ang pakibahagi sa mga taong nakapaligid sa kanya. Sa kontekstong ito, ang Edukasyon Pantahanan at Praktikal na mga Sining ay may sumusunod na mga tiyak na layunin ayon sa DECS Home Economics and Practical Arts Guide (1980). Narito:

A. Magkaroon ng mahalagang karanasan sa larangan ng industriya, agrikultura, pantahanang gawa, at mga sining ng pamamahagi;
B. Makalinang ng kakayahang makakaya sa personal at panlipunang suliranin na sumasang-ayon sa pagbabago ng kapaligiran;

C. Mapahalagahan ang gamit ng at pangangalaga sa mga likas na yaman ng kapaligiran;

D. Magkaroon ng batayang kasanayan sa paggamit ng mga local na yaman para sa paggawa ng mga produkto para sa tahanan at pamayanan;

E. Makalinang ng hinaharap na pananaw sa paglutas ng mga suliranin; at

F. Magkaroon ng mga karanasan kailangan sa pagiging responsible at epektibong kasapi ng tahanan at pamayanan.

Batay sa mga nabanggit na layunin, ang Edukasyon Pantahanan at Praktikal na mga Sining na programa ay nagbibigay tuon ng prosesong mental tulad ng halaga, pag-iisip, paglikha at kahusayan sa paggawa.

Sa kasalukuyan, ayon kay Tagami (1998:146), ang patuloy na nagiging isyu sa ating bansa ay ang pagkamit ng de-kalidad o mataas na antas ng edukasyon sa buong Pilipinas. Ang edukasyon 2000 ang sagot nito upang makamtan ang matagal nang minimithing panaginip ng ating mga namumuno sa larangan ng edukasyon.

Ang pinakamahalagang salik upang makamit ito ay ang guro sa dahilan siya ang pinakasentro sa lahat ng mga gawain sa loob ng silid-aralan sa pagtuturo at ang mga mag-aaral ang binibigyang atensyon. Siya ang gumaganap ng mahalagang bahagi upang panguluhan ang mga kabataan sa ilalim ng

kanyang pananagutan, maging kapakipakinabang, matuwid at masunurin sa batas na kasapi ng isang pamayanan.

Dagdag pa ni Tambago (1998:269) na sa pamamagitan din ng matapat na pagganap ng mga guro sa kanilang responsabilidad at tungkulin nagkaroon ng katuparan ang inaasam-asam na uri ng edukasyon. Sa dahilang ito, ang mga guro ay kailangang mag-alay pa ng mahusay na serbisyong abot ng kanilang kakayahan na kailangang maging bahagi ng kanilang pangaraw-araw na gawain at higit sa lahat gawin ito nang maluwang o bukal sa kalooban, sapagkat ang kagalingan ng guro ay nasusukat lamang sa antas ng kanyang nagawa o anumang kanyang naisagawa at hindi sa kung ano ang kanyang taglay.

Binanggit ni Almirañez (1980:175) na ang mga guro sa Edukasyon Pantahanan ay kailangang positibong gumanap at maging mapanuklas upang ang lawak na ito ay maging kasiya-siya at makabuluhang karanasan sa tao o bansa; sapagkat kung ang guro ay magpapakita ng pag-unlad na pagbabago kinakailangan ang lahat ay maging handa upang ang nasabing pagbabago ay magkaroon ng posibilidad o kaganapan.

Si Ligerade (1990:182-184) ay nagsasaad na ang guro ay isang sangkap rin na sanhi ng mababang kalidad ng edukasyon sa ating bansa. Mas binibigyang pansin kasi ng guro ang pagpapaunlad ng pisikal na aspeto ng paaralan kaysa sa

pagpapaganda ng pagtuturo at pagkatuto para sa ikauunlad ng matatamong antas ng mga bata.

Sa ganitong sitwasyon, tiyak na hindi matatamo ang dekalidad na edukasyon na inaasam-asam. Dahil sa katunayan, sabi ni Honrejas (2001:316) ang pangalawang mahalagang elemento para sa dekalidad na pagkatuto ay ang guro, ang uri at kalidad ng pagsasanay na naranasan niya. Ito ay makatutukoy sa kalidad naman ng pagsasanay na ibabahagi niya sa mga mag-aaral. Hindi niya maibibigay ang mga bagay na wala siya. Ang guro ay kailangang mayroong sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignaturang ibinigay ng kurikum, dahil kung hindi, ang kanyang mga mag-aaral ay kapos, kaya't ang dekalidad ng pagtuturo ay naisasakripisyo.

## Kaugnay na mga Pag-aaral

Narito ang mga pag-aaral na isinagawa dito sa Pilipinas. Ayon kay Gaqui, Jr. (1989), ang mga suliranin ng mga guro sa implementasyon ng programang HELE ay ang mga sumusunod: kakulangan ng mga silid-aralan; kakulangan ng supply ng tubig; kakulangan sa lupang pagtataniman; ang mga guro ay nagtuturo pa ng ibang asignatura; at kakulangan sa salingkurang pagsasanay sa mga guro na nagtuturo ng HELE.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Gaqui ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil pagkapareho sa natuklasang mga suliranin ng mga guro na

nagtuturo ng HELE bukod sa pagtuturo sa ibang asignatura. Isa pang kaugnayan ay ang lawak ng aralik nasasaklawan sa kani-kanilang pinatuturuan. Gayunpaman ang pagkakaiba nito sa kasalukuyang pag-aaral, ay nasa implementasyon ng programang HELE, sa tiyak na nasasaklawan dahilan sa nakatuon sa kakayahan ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa naturang asignatura base sa isang pagsusulit na ibinigay ng sangay.

Inilarawan ni Agplasin (1988) sa kanyang pag-aaral na ang pangkabuuang tamtamang pagganap ng mga guro sa Edukasyong Pantahanan batay sa "Performance Appraisal System for Teachers" (PAST) ay "highly very satisfactory". Pinatunayan dito sa pag-aaral na nabanggit na taglay na ng mga guro ang kasanayan sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa nabanggit na pananaliksik dahilan sa nakatuon din ito sa mga guro. Sa pamamagitan ng PAST ay nalaman din ang kakayahan ng mga guro na nagtuturo ng Home Economics o Edukasyong Pantahanan. Nagkakaiba ang dalawang pag-aaral dahil sa ang nabanggit ay isang lawak lamang ng EPP samantala itong kasalukuyang ay ang kabuuang lawak at nakasentro sa guro.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Tingzon (1990), lumabas na, ayon sa kwalipikasyong edukesyonal, ang mga guro sa Sining Pang-industriya ay nag-iiba-iba ang degring natamo nila katulad ng: Batsilyer ng Agham sa Sining Pang-industriya (BSIE), Batsilyer ng Agham sa Edukasyong Pang-Agrikultura (BSEA),

Batsilyer ng Agham sa Edukasyong Inverted Course (BESEIC) at Batsilyer ng Agham sa Edukasyong Pang-elementarya (BSEED) at Batsilyer ng Agham sa Edukasyong Pang-elementarya at Sekondarya (BSESE).

Ang kaugnayan ng pag-aaral ni Tingzon sa kasalukuyan ay parehong may profile ng mga guro na nagtuturo ng EPP sa elementarya. Bukod pa, ang dalawang pag-aaral ay nakapukos sa asignaturang EPP. Palibhasa ang pagkakaiba naman ng pag-aaral na nabanggit ay nasa kakulangan sa pagpapalawak/pagpapataas ng kanilang kwalipikasyong edukasyonal. Bukod pa sa humahawak sila ng iba pang asignatura.

Natuklasan din ni Cubias (1984) sa kanyang pag-aaral na nagbibigay ng ilang magagandang rekomendasyon upang mapaunlad ang panturong kompetensi ng mga guro sa Sining Pang-industriya, itinaguyod niya ang isang masinsinang paulit na pagtataya upang ang mga guro na may angking galing o kakayahan sa Sining Pang-industriya ay kailangang malinang sa pamamagitan ng mga salingkurang pagsasanay, seminar workshop institute, at iba pang kasanayang pampropesyunal.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Cubias sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa ito'y sumasaklaw sa kakayahan o kompetensi ng mga guro sa pagtuturo ng EPP. Ang pagkakaiba naman sa dalawang pag-aaral dahil sa ang una ay sa Sining Industriya lamang ang tuon samantala itong kasalukuyan ay sumasaklaw

sa apat na komponent o lawak ng asignatura at binigyan pansin ang pagtataya ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Si Dizon (1988) ay nakatuklas sa kanyang pag-aaral tungkol sa "The Performance Profile of the Public Elementary School Teachers in Agriculture in the Division of Pampanga". Karamihan sa kanyang mga tagasagot ay nagtapos ng kurosng Batsilyer ng Agham sa Edukasyon Pang-elementarya (BSEED). Binigyan pansin lamang sa nabanggit na pag-aaral ay ang kwalipikasyong edukasyonal ng mga guro bilang akademikong kahandaan sa kani-kanilang pagtuturo ng agrikultura sa Sining Pang-industriya.

Ang pag-aaral ni Dizon ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahilan sa saklaw din dito ang agrikultura. Nagkakaiba lamang ang mga ito dahil sa ang una ay nilimitahan sa isang lawak lamang ng EPP samantalang itong kasalukuyan ay lahat ng lawak ng EPP ang pinagtuonan ng pagtataya

Sa pag-aaral na isinagawa ni Bomas-ang (1982) ay natuklasan na karamihan sa mga guro ng Edukasyong Pantahanan sa Sangay ng Mountain Province ay kulang ng akmang kwalipikasyong edukesyonal at sapat na karanasan sa pagtuturo ng naturang asignatura. Sa pamamagitan lamang ng ilang salingkurang pagsasanay naitaas ang kasanayang dapat matamo ng mga guro sa H. E. na isinaginawa sa purok at sangay na antas.

Ang kaugnayan ng pag-aaral ni Bomas-ang sa kasalukuyang pag-aaral, dahil ito ay nasa kinalaman sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng isang saklaw ng EPP batay sa kanilang kwalipikasyong edukesyonal at karanasan sa pagtuturo ng naturang asignatura. Gayunpaman, ang pagkakaiba ng pag-aaral na nabanggit sa kasalukuyang pag-aaral ay bukod sa kwalipikasyong edukasyonal ng mga gurong nagtuturo ng EPP ay binigyan din ng pagtataya ang mga mag-aaral sa pag-aaral na ito. Bukod sa kaligiran ng pananaliksik sa una ay sa Sangay ng Mountain Province samantala itong kasalukuyan ay sa Sangay ng Samar.

Ang pag-aaral ni Eria (1993) ay nagsaad na mas marami ang bilang ng mga gurong nagtuturo ng EPP na nagtapos ng kursong Batsilyer ng Agham sa Edukasyon Pang-elementarya (BSEED) kaysa sa BSEED-HE o BSHE at BSIE. Malaki rin ang kakulangan sa mga kagamitang pantahanan, Agrikultura, Sining Pang-industriya at "Retail Trade". Ang kahandaang pampropesyunal ng mga guro na sinuri sa pag-aaral ni Eria ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral, na nakatuon sa kakayahan ng mga guro sa intermedya na nagtuturo ng EPP. Sa kabilang dao ang pagkakaiba ng dalawang pag-aaral, sa una ay hinggil sa implementasyon ng programang Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan sa Sangay ng Quezon samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay sa Sangay ng Samar.

Ang pag-aaral ni Andoy (1987) ay tungkol sa Sining Pang-industriya. Nagpakita ito na kaunti lamang ang bilang ng guro na nagtapos ng Batsilyer ng Agham sa Edukasyong Pang-industriya, medyor sa Sining Pang-industriya. Ang karamihan ay nakapagtapos lamang ng mga kursong "teacher training" na siyang naging batayan upang sila ay matanggap at makapagturo sa elementarya at humawak ng asignaturang Sining Pang-industriya. Ginamit ang mga pamamaraan talakayan, pakitang turo, tanong at sagutan, panayam at pabalak. Ang mga nabanggit ay naging kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

Ang pagkakaiba ng pag-aaral na ito sa nabanggit na pag-aaral nasa mga aspito ng komponent ng pagtuturo ng Sining Pang-industriya tulad ng mga sanggunian, pondo para sa mga materyales sa paggawa ng proyekto at kakulangan sa mag kasangkapan at kagamitan. Ang kaligiran ng pananaliksik ay nagkaiba rin dahil ang nabanggit na pag-aaral ay sa Rehiyon VII ng Sangay ng Bohol samantala itong pag-aaral ay sa Rehiyon VIII, Sangay, Sangay ng Samar sa partikular.

Si Cauba (1983), naglahad na sa lahat ng mga guro na nagtuturo ng Sining Pang-industriya sa Sangay ng Cabanatuan City, ay halos kalahati lamang nito ang kwalipikado, propesyunal at teknikal dahil ang mga ito ay nakapagtapos ng Batsilyer ng Agham sa Edukasyon Pang-industriya medyor ng Sining Pang-

industriya. Halos lahat naman ng nasabing guro ay kwalipikado para sa permanenteng posisyon dahil sila'y pumasa sa LET.

Napag-alaman din sa kanyang pag-aaral na ang mga ito ay nakalahok na ng mga salingkurang pagsasanay, na isinasagawa sa kani-kanilang sangay at purok. Ang apat na metodolohiya sa pagtuturo ng Sining Pang-industriya; ang "project method", "laboratory method", "lecture" at lecture-pakitang-turo ang natuklasang pinaka epektibo.

Ang pag-aaral ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahilan sa ang nabanggit ay tumutukoy sa kwalipikadong guro at kakayahang magturo ng Sining Pang-industriya, ang paglahok sa mga salingkurang-pagsasanay ng nasabing mga tagasagot at ang ginamit nilang mga metodolohiya para sa epektibong paglilipat ng mga kaalaman at kasanayan sa naturang asignatura. Samantalang ang kaibhan naman nito sa kasalukuyang pag-aaral ay ang pagbibigay pansin o pagtutuon ng pananaliksik, sa kalagayan ng mga problema sa pagtuturo ng pananaliksik sa kalagayan ng mga problema sa pagtuturo ng Sining Pang-industriya, at ang huli ay sa kakayahan ng mga nagtuturo dito - ang mga guro sa intermedya na nagtuturo hindi lamang sa Sining Pang-industriya kundi ang buong EPP at iba pang asignatura.

Sa pag-aaral ni Wad-as (1997) lumalabas na ang purok ng Manabo ang may pinakamaayos na implementasyon ng mga layunin ng "Home Economics

and Livelihood Education" (HELE). Samantalang di-maayos naman ang implementasyon nito sa mga purok ng Bukay, Luba at Tubo. Sapat naman ang mga kagamitang panturo, kasangkapan at supply sa Purok ng Bukay. Ang Purok naman ng Luba, Manabo at Tubo ang may di-gaanong sapat. Ang Purok ng Manabo ang may pinakaepektibong paggamit ng kasangkapan at teknik sa pagtataya ng mga instruksiyon sa HELE. Kawalan ng silid-aralan para sa Edukasyong Pantahanan at Sining Pang-industriya at kakulangan sa makinang gamit sa pananahi ang siyang pinakamasidhing suliranin at nakakaapekto sa panturong kompetensi ng mga guro sa HELE.

Magkatulad ang pag-aaral na nabanggit sa kasalukuyang pag-aaral sa larangan lamang ng "Home Economics at Livelihood Education" o HELE. Malaki ang pagkakaiba nito sa saklaw at delimitasyon ng pag-aaral dahil ang una ay sakop nito ang piling tatlong purok lamang samantala ang kasalukuyan ay may walong purok ng Sangay ng Samar.

Si Amalos, Sr. (1990), nagsaad batay sa kanyang pag-aaral na karamihan sa mga guro sa Agrikultura ay nakapagtapos ng Batsilyer ng Agham na mayroon units sa M. A. Lumahok din ang mga ito sa mga salingkurang-pagsasanay pampurok at pansangay na antas. Samantalang kalakhan sa kanilang mga problema ay, kakulangan ng mga kagamitang pang-agrikultura, patabang lupa,

kakulangan ng mga kaalaman ng mga mag-aaral sa paghahalaman at ang pagpapalaki ng mga hayop ay masyadong magastos.

Ang pag-aaral na ito ni Amalos ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito rin ay tumutukoy sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng isang lawak ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan batay sa kwalipikasyong edukasyonal. Gaano siya ka-epektibo sa pagtuturo ng agrikultura sa likod ng kakulangan ng mga kagamitan o kasangkapan sa agrikultura.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling paaralang elementarya ng Sangay ng Leyte, samantalang ang kay Amalos ay isinagawa sa mga piling paaralang elementarya ng Sangay ng Samar na pawing nasa Rehiyon Otso.

Ang lahat ng nabanggit na mga literature at pag-aaral ay nagsilbing gabay sa pagbuo ng mga suliranin, konseptwalisasyon ng mga teorya at sa proseso at paglinang ng pag-aaral.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng disenyo ng pananaliksik, instrumentasyon, balidasyon ng insgtrumento, paraan ng pagpili ng mga kalahok, at paglalapat istadistika ng mga datos.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang palarawan na panayam bilang disenyo ng pananaliksik. Ang pamaraang ito ay tumutugon sa kasalukuyang kalagayan at nagbibigay ng kagyat ng interpretasyon sa mga nalikom na datos para sa kasagutan o kalutasan ng mga suliraning inilahad sa pag-aaral na ito.

Natuklasan sa pag-aaral, ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa pamamagitan ng panggitnang pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral base sa resultang natamo. Ginamit ang mga istadistikang ito: frequency counts, weighted means o tamtaman, bahagdan, Pearson r, t-test para sa malayang sampol at Fisher's t para sa pgasubok ng dalawang ipotesis. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagbigay tagubilin para sa pagsasagawa ng isang salingkurang pagsasanay bilang interbensyong program.

**Ang Instrumentasyon**

Ang pangunahing instrumetong ginamit sa paglikom ng mga datos: talatanungan. Ginamit din ang mga ito tulad ng pahipesayon, pagmamasid at pagsusuri ng mga dokumento para sa pagkrostsek ng kanilang mga kasagutan.

**Ang talatanungan.** Ito ay may apat na bahagi. Ang Unang Bahagi ay tumutukoy sa mga personal datos ng mga gurong kalahok. Ang pagsusulat ng pangalan ay opsyunal, inilahad ang gulang, kasarian, tirahan, kalagayang sibil, antas, bilang ng taon sa pagtuturo, kwalipikasyong edukesyonal, salingkurang pagsasanay-pampurok, pansangay at panrehiyon/pambansa at buwanang kita.

Ang Ikalawang Bahagi ay tungkol sa pagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ginamit ang iskalang limang punto ng panukat o 5-point scale na may kasunod na 5, Pinakamahusay sa Pagsasagawa (PP); 4, Mahusay na Mahusay (MM); 3, May Kahusayan (MK); 2, Di-Gaanong Mahusay (DGM); at 1, Hindi Mahusay (HM). Sa pagsagot nito, binilugan lamang ng mga kalahok ang nakaakmang kolum na may bilang sa bawat katapat na aytem.

Sa Ikatlong Bahagi ay ang mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa EPP. Ginamit din ang 5 punto ng panukat na kung saan any may katumbas 5, Pinakamatinding Suliranin (PS); 4, Matinding

Matindi (MM); 3, May Pagkamatindi (MP); 2, Di-Gaanong Matindi (DGM); at 1, Hindi Matindi (HM).

Ang pang-apat na bahagi ay ang sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa EPP. Parehong iskala ang ginamit sa mga nauna: 5, Lubos na Sumasang-ayon (LS); 4, Sumasang-ayon (S); 3, Hindi Sigurado (HS); 2, Di-Sumasang-ayon (DS); at 1, Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS).

**Pagsusuri ng mga dokumento.** Ang kinalabasan ng Pansangay na Panggitnang Pagsusulit ng panuruang taon 1999-2000 ay sinuri ng mananaliksik upang makapagtatag sa mga nakalap na datos at makatulong sa paglutas ng mga suliraning kinaharap sa pag-aaral na ito.

## Balidasyon ng Instrumento

Ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik kung kaya't ito ay dumaan sa proseso ng balidasyon. Una, ang mananaliksik ay gumawa ng talatanungan na naglalayong mangalap ng mga daots batay sa mga inilahad na suliranin. Ang nagawang talatanungan ay isinumite sa kanyang tagapayo upang mabigyan pansin ang mga kakulangan, at suhestyon. Pagkatapos ito marevisa at ma-finalize, ito ay isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, at mga guro ng EPP na di-kasangkotng pag-aaral.

Upang matiyak ang "reliability" ng talatanungan, ito rin ay isinailalim sa "pilot test" sa isang purok ng Calbayog City ng mga gurong nagtuturo ng EPP at mga mag-aaral sa intermedya. Ang "test-retest" na pamamaraan ay ginamit kung saan ang talatanungan ay pinasagutan ng dalawang beses sa parehong sampol sa interval na tatlong araw. Ang mga datos sa una at sa pangalawang pilot test ay magkahiwalay na itinala; pagkatapos ito ay iniugnay upang mataya and "coefficient of reliability". Ang natuos na halaga ay binigyan ng karampatang kahulugan sa pamamagitan ng Table of Reliability na iminungkahi ni Ebel (1965:262). Ang natuos na halaga ng coefficient of reliability ay 0.789 na nagpapahiwatig na ang talatanungan ay angkop at karapatdapat upang mangalap ng mga datos sa pag-aaral na ito.

## Ang Paraang Sampling

Ang buong Sangay ng Samar ay mayroong dalawampu't pitong (27) purok. Papangkatin ang mga paaralang sentral ayon sa mga paaralang nasa baybayin o "coastal", bundukin o "hinterland", "carline" o ligid kalye, at kapuluan o "island". Mula sa pinagpapangkat-pangkat na mga paaralan, ginamit ang paraang pagbobola o "lottery" upang matukoy o mapili ang mga paaralang kalahok. Kumuha lamang ng tigdadalawang paaralan sa bawat kategorya ng paaralan pinangkat.

Sa mga napiling mga paaralan, ang mga guro sa intermedya na nagtuturo ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan ang siyang naging tagasagot.; Random na pagpili ang ginamit para sa mga kalahok na sumali sa panggitnang-taon na pagsusulit sa EPP na ibinigay ng Sangay. Natiyak ang tamang bilang ng mga tagasagot na sampung porsyento at ito ay tinuos sa pamamagitan ng pormula ni Sloven (Sevilla, et. Al., 1992:182) ayon sa sumusunod:

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

kung saan:

n = ang natuos na bilang ng tagasagot;

N = ang kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa ika-lima at ikaanim na baitang saw along sampol na paaralan, at

e = ang margin ng pagkakamali na tinaya sa antas na .05 degri ng kalayaan.

## Paglikom ng mga Datos

Upang makalikom ng mga datos ang mananaliksik ay humigi ng pahintulot mula sa Tagapamanihala ng Sangay ng Samar sa pamamagitan ng isang liham kahilingan. Ang pinatibay na liham kahilingan ay ginamit ng mananaliksik para makapamudmod ng kanyang talatanungan at kaalinsabay

nito ang makpanayam ang mga gurong kalahok na nagtuturo ng EPP at mga mag-aaral sa mga baitang VI, V at VI at sa suporta ng mga tagapamahala ng mga paaralan, nagsuri din ang mananaliksik ng mga mahahalagang kasulatan tulad ng talang resulta ng mga pagsusulit sa kani-kanilang tanggapan. Ang mga gawaing ito ay isinagawa sa mga buwan ng Enero at Pebrero ng naturang taong panuruan.

**Paglalapat Istadistika ng mga Datos**

Ang mga nalikom na datos, ito ay itinalay, sinuri at pinag-uri-uri at pinagpasiyahan ang angkop na istaditikang kagamitan.

**Bahagdan.** Ginamit ito sa unang bahagi ng talatanungan sa mga datos personal ng tagasagot tulad ng gulang, kasarian, katayuang sibil, posisyon bilang guro, serbisyo sibil, bilang ng taon sa pagtuturo, kwalipikasyong edukasyonal at salingkurang pagsasanay.

**Tamtamang iskor.** Ang tamtamang iskor ay ginamit pagtasa ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP, mga suliranin at solusyon sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa naturang asignatura. Binigyan ng kaukulang katumbas para sa pagpapakahulugan ng nalikom na mga datos at ginamit ang patnubay na ito:

| Iskala | Halaga | Paglalarawan/Mga Bahagi | | |
|---|---|---|---|---|
| | | I | II | III |
| 5 | 4.51 - 5.00 | PP | PS | LS |
| 4 | 3.51 - 4.50 | MM | MM | S |
| 3 | 2.51 - 3.50 | MK | MP | HS |
| 2 | 1.51 - 2.50 | DGM | DGM | DS |
| 1 | 1.00 - 1.50 | HM | HM | LDS |

kung saan:

PP – Pinakamatindi, pinakamahusay sa pagsasagawa

PS – Pinakamatinding suliranin

LS – Lubos na sumasang-ayon

MM – Mahusay na mahusay/matinding-matindi

S – Sumasang-ayon

MK – May kahusayan

MP – May pagkamatindi

HS – Hindi sigurado

DGM – Di-gaanong mahusay/di-gaanong matindi

DS – Di-sumasang-ayon

HM – Hindi mahusay/hindi matindi

LDS – Lubos na di-sumasang-ayon

**t-Test para sa malayang sampol.** Ito ay ginamit sa paghahambing ng persepsyon ng dalawang uri ng tagasagot ukol sa kakayahan ng mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng EPP. Ang pormulang ginamit ay kay Walpole (1982:311):

$$t = \frac{\overline{X}_1 - \overline{X}_2}{\sqrt{\left[\frac{(N_1 - 1)S_1^2 + (N_2 - 1)S_2^2}{N_1 + N_2 - 2}\right]\left[\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_2}\right]}}$$

kung saan:

$t$ = tinuos na t-value;

$\overline{X}_1$ = tamtamang iskor ng unang grupo (mean of the 1st group);

$\overline{X}_2$ = tamtamang iskor ng ikalawang grupo (mean of the 2nd group);

$S_1^2$ = sample variance ng unang grupo (sample variance of the 1st group);

$S_2^2$ = sample variance ng ikalawang grupo (sample variance of the 2nd group);

$N_1$ = bilang ng tagasagot para sa unang grupo (number of cases for the 1st group); at

$N_2$ = bilang ng tagasagot para sa ikalawang grupo (number of cases for the 2nd group).

**Pearson product-moment-correlation coefficient o Pearson r.** Ito ay ginamit upang matukoy ang hangganan ng pagkakaugnay ng pagtatamong antas ng mga mag-aaral sa intermedya sa pansangay na pagsusulit at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP. Ang pormulang ginamit ay kay Walpole (1982:207):

$$r = \frac{N\sum XY - (\sum X)(\sum Y)}{\sqrt{[(N\sum X^2) - (\sum X)^2]\ [(N\sum Y^2) - (\sum Y)^2]}}$$

**Fisher's t-test.** Ang istadixstikang ito ay ginamit sa paghahambing ng kaugnayan o coefficient correlation ng dalawang baryabol sa pamamagitan ng sumusunod na pormula ayon kay Ferguson at Takane (1989:207):

$$t = r\sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Saang:

r – ang korelasyon sa pagitan ng X at Y;

N – ang bilang ng mga kalahok; at

2 – ay isang konstant.

Ang dalawang ipotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga at degri ng kalayaan.

## Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga nalikom na datos batay sa kinalabasan ng pag-aaaral. Binigyan tuon ditto ang profile ng mga gurong nagtuturo ng EPP; pagtatamong antas (achievement level) ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit; antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP; persepsyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit ng EPP; mga suliranin kinaharap ng mga guro at mag-aaral; at ang inirekomendang interbensyong programa.

### Profile ng mga Gurong Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalahad ng profile ng mga gurong tagasagot, ayon sa gulang, kasarian, katayuang sibil, posisyon bilang guro, bilang ng taon ng pagtuturo, kwalipikasyong edukasyonal, salingkurang pagsasanay na nilahukan at buwanang kita.

**Gulang at kasarian.** Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng gulang at kasarian ng mga guro sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan. Sa kabuuang bilang ng 32 ayon sa gulang: 10 o 31.25 na bahagdan ay nasa braket ng

Talahanayan 1

**Gulang at Kasarian ng mga Guro sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan**

| Gulang | Lalaki | | Babae | | Kabuuan | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| 60 - 64 | 2 | 6.26 | 1 | 3.12 | 3 | 9.38 |
| 55 - 59 | 0 | 0.00 | 2 | 6.25 | 2 | 6.25 |
| 50 - 54 | 2 | 6.25 | 2 | 6.25 | 4 | 12.50 |
| 45 - 49 | 1 | 3.12 | 2 | 6.25 | 3 | 9.37 |
| 40 - 44 | 2 | 6.25 | 4 | 12.50 | 6 | 18.75 |
| 35 - 39 | 3 | 9.37 | 7 | 21.88 | 10 | 31.25 |
| 30 - 34 | 0 | 0.00 | 2 | 6.25 | 2 | 6.25 |
| 25 - 29 | 2 | 6.25 | 0 | 0.00 | 2 | 6.25 |
| **Kabuuan** | **12** | **37.50** | **20** | **62.50** | **32** | **100.00** |
| **Mean** | **43.67 taon** | | **43.25 taon** | | **43.41 taon** | |
| **S. D.** | **11.74 taon** | | **8.72 taon** | | **9.77 taon** | |

40–44 na taon. Sumunod ay 4 o 12.50 bahagdan na nasa 50–54 na taon at 3 o 9.38 bahagdan ay nasa 60–64 na taon na nasa takip-silim na ng pagreretiro sa servbisyo. Ang mga braket ng taon gulang na nagkaroon ng 2 o 6.25 bahagdan

ay 55-59, 30-34 at 25-29 na mga taon. Ang average ng taon gulang ng mga tagasagot ay 43.41 na taon at ang standard deviation ay 9.77 na taon. Ipinahihiwatig ditto na ang mga guro sa EPP ay nasa panggitnang taon ng kanilang gulang at handing gampanan ang kanilang iniatang na tungkulin bilang guro ng EPP.

Sa kabilang dako, ayon sa kasarian ng mga tagasagot, sa Talahanayan 1 sa kabuuang bilang na 32: 12 o 37.50 bahagdan ay mga lalake at 20 o 62.50 bahagdan ay mga babae. Ipinahihiwatig na mas nakararami ang mga babaeng guro na nagtuturo ng ePP kaysa sa mga lalake. Pinatutunayan din ditto na ang asignaturang EPP kahit na para sa mga lalake, ito ay nasa hawak na ng mga babaeng guro.

**Katayuang Sibil ng mga guro sa EPP.** Sa 32 gurong tagasagot 20 o 62.5 bahagdan ang may asawa, 8 o 25 bahagdan ang walang asawa at 4 o 12.5

**Talahanayan 2**

**Katayuang Sibil ng mga Guro sa EPP**

| Katayuang Sibil | Bilang ng Guro | Bahagdan |
|---|---|---|
| May Asawa | 20 | 62.5 |
| Walang Asawa | 8 | 25.0 |
| Di-tiyak | 4 | 12.5 |
| **Kabuuan** | **32** | **100.00** |

bahagdan ay di-tiyak kung mayroon o walang asawa. Pinatutunayan lamang nito na may responsibilidad ang mga guro sa EPP bukod sa kanilang propesyong hinahawakan.

**Posisyon bilang guro.** Ipinakikita sa Talahanayan 3, posisyon bilang guro; nasa kabuuang bilang na 32: 18 o 56.25 bahagdan ang mga Guro I; 7 o 21.88 bahagdan ang mga Guro II; 2 o 6.25 bahagdan ay Guro III; 1 o 3.12 bahagdan MT-I at 4 o 12.50 bahagdan ang MT-II. Pinatunayan sa Talahanayan na mas higit

**Talahanayan 3**

**Posisyon Bilang Guro**

| Posisyon | Lalaki | | Babae | | Kabuuan | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| Guro I | 6 | 18.75 | 12 | 37.50 | 18 | 56.25 |
| Guro II | 4 | 12.50 | 3 | 9.38 | 7 | 21.88 |
| Guro III | 1 | 3.13 | 1 | 3.12 | 2 | 6.25 |
| MT I | 0 | 0.00 | 1 | 3.12 | 1 | 3.12 |
| MT II | 1 | 3.12 | 3 | 9.38 | 4 | 12.50 |
| **Kabuuan** | **12** | **37.50** | **20** | **62.50** | **32** | **100.00** |

sa kalahati, ang mga gurong I na nagtuturo ng EPP. Kapansin-pansin din na ang ilan lamang ay mga Guro II, III at mga MT-I at MT-II. Ipinahihiwatig din na bilang mga guro I bagamat mga bagong hirang o baguhan pa lamang sa kanilang posisyon ngunit hindi naman ibig sabihin na di sapat ang kahandaan ng nga ito sa pagtuturo ng EPP.

**Bilang ng taon sa pagtuturo.** Ang Talahanayan 4 ay tungkol sa bilang ng taon sa pagtuturo ng EPP ng mga tagasagot. Ipinakikita sa Talahanayan ang bilang ng karanasan ng pagtuturo sa asignaturang EPP. Nanguna ay 7 o 21.88 bahagdan ay may 13–15 taon ng karanasan sa pagtuturo. Sinundan ng 6 o 18.75 bahagdan, 22–24 na taon; 5 o 15.63 bahagdan nasa 25–27 taon; tig-4 o 12.50 bahagdan nasa 16–18 at 7–9 na taon; tig-2 o 6.25 bahagdan nasa 4–6 at 1–3 na taon at 1 o 3.12 bahagdan ay 19–21 taon.

Ang kabuuang mean ng bilang ng taon sa pagtuturo ng EPP ay 17.56 taon. Pinatutunayan nito na ang mga gurong tagasagot ay may matagal na karanasan sa pagtuturo. Dagdag pa, kung ibabase sa sekuridad, ang mga ito'y regular sa panunungkulan.

**Kwalipikasyong edukasyonal.** Ang Talahanayan 5 ay naglalahad ng kwalipikasyong edukasyonal ng mga gurong tagasagot. Batay sa malinaw na isinasaad ditto na 19 o 59.38 bahagdan ang nagtapos ng BEED/BSE o Batsilyer ng Agham sa Edukasyon Pang-elementarya. Sinundan ito ng 4 o 12.50 bahagdan

Talahanayan 4

Bilang ng Taon sa Pagtuturo

| Bilang ng Taon | Bilang ng Guro | Bahagdan |
|---|---|---|
| 25 - 27 | 5 | 15.63 |
| 22 - 24 | 6 | 18.75 |
| 19 - 21 | 1 | 3.12 |
| 16 - 18 | 4 | 12.50 |
| 13 - 15 | 7 | 21.88 |
| 10 - 12 | 1 | 3.12 |
| 7 - 9 | 4 | 12.50 |
| 4 - 6 | 2 | 6.25 |
| 1 - 3 | 2 | 6.25 |
| **Kabuuan** | **32** | **100.00** |
| **Mean** | **17.56 taon** | |
| **S. D.** | **7.53 taon** | |

na nagtapos ng BSIE/IA o Batsilyer ng Agham sa Edukasyon Pang-industriya medyor sa Sining Pang-industriya; tig-3 o 9.38 na bahagdan ang mga nagtapos ng mga kursong BSEED-HE at BSE-IC; tig-1 o 3.12 bahagdan ang nagtapos ng

BSEED-CAR at BSIE-IA CAR at BSA or Batsilyer ng Agham Pang-agrikultura na may 30 yunits ng BSEED.

Batay sa talahanayang ito, ay nagsasaad na karamihan sa ga guro sa intermedya na nagtuturo ng EPP ay nagtapos ng Edukasyon Pang-elementarya at iilan lamang ang may medyor na angkop para sa pagtuturo sa naturang asignatura.

**Talahanayan 5**

**Kwalipikasyong Edukasyonal ng mga Guro**

| Kwalipikasyon Edukesyonal | Lalaki | | Babae | | Kabuuan | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| BEED/BSED | 5 | 15.63 | 14 | 43.75 | 19 | 59.38 |
| BSEED w/ CAR | 0 | 0.00 | 1 | 3.12 | 1 | 3.12 |
| BSEED - HE | 0 | 0.00 | 3 | 9.38 | 3 | 9.38 |
| BSE (IC) | 2 | 6.25 | 1 | 3.13 | 3 | 9.38 |
| BSED | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| BSIE - IA | 3 | 9.38 | 1 | 3.12 | 4 | 12.50 |
| BSEIE - IA w/ CAR | 1 | 3.12 | 0 | 0.00 | 1 | 3.12 |
| BSA w/ 30 units BSEED | 1 | 3.12 | 0 | 0.00 | 1 | 3.12 |
| **Kabuuan** | 12 | 37.50 | 20 | 62.50 | 32 | 100.00 |

**Salingkurang pagsasanay na nilahukan.** Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang salingkurang pagsasanay na nilahukan ng mga gurong tagasagot, na nauugnay na sa asignaturang Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan. Mayroon dalawang lebel na pagsasanay na nilahukan ng mga ito; pansangay ng 2 beses at pampurok ng 3 beses. Sa bilang na 32 guro, 32 o 100 bahagdan na nakalahok sa pansangay na salingkurang pagsasanay nang ikalawang beses. Sa pampurok, 32 o 100 bahagdan nakalahok ng pangatong beses. Ito'y nangangahulugan na di pa gaanong malawak ang kaalaman ng mga guro sa EPP hingil sa mga makabagong pamaraan, istratehiya at teknik ng pagtuturo sa nabanggit na asignatura.

**Talahanayan 6**

**Salingkurang Pagsasanay na Nilahukan ng mga Guro**

| Lebel ng Pagsasanay | Bilang ng Pagsasanay | Gurong Nabigyang Puwang na Lumahok | |
|---|---|---|---|
| | | Bilang | Bahagdan |
| Pansangay | 2 | 32 | 100.00 |
| Pampurok | 3 | 32 | 100.00 |

<u>Buwanang kita ng mga gurong tagasagot.</u> Makikita sa Talahanayan 7 ang buwanang kita ng mga gurong tagasagot. Kapansin-pansin sa kabuuang bilang na 32, 27 o 81.38 bahagdan ay may nasa braket ng PhP9,001 - 15,000. Sinundan ito ng 4 o 12.50 bahagdan PhP12,001 - 15,000; 1 o 3.12 bahagdan ang may kita na nasa PhP6,001 - 9,000. Ang kabuuang mean ay PhP10,781.75 at ang standard deviation ay PhP1,170.45. Ipinahihiwatig na ang buwanang kita ng mga gurong tagasagot ay di-sapat sa pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya, tulad ng pagkain, pananamit, edukasyon, atbp.

**Talahanayan 7**

**Buwanang Kita ng mga Gurong Tagasagot**

| Buwanang Kita | Bilang ng Guro | Bahagdan |
|---|---|---|
| 12,001 - 15,000 | 4 | 12.50 |
| 9,001 - 12,000 | 27 | 84.38 |
| 6,001 - 9,000 | 1 | 3.12 |
| **Kabuuan** | **32** | **100.00** |
| **Mean** | **PhP 10,781.75** | |
| **S. D.** | **PhP 1,170.45** | |

**Pagtatamong Antas (Achievement Level) ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taon Pagsusulit (Midyear Test) sa EPP ng mga Baitang IV, V at VI**

Ang Talahanayan 8 ay naglalahad ng pagtatamong antas (achievement level) ng mga mag-aaral sa mga baitang IV, V at VI na nakuha sa panggitnang taon pagsusulit (midyear test) sa EPP mula sa 8 paaralang sangkot sa pag-aaral na ito. Ang mga paaralang ito ay ang sumusunod: Paaralang Sentral ng Sta. Rita, Paaralang Sentral ng Marabut, Paaralang sentral ng Hinabangan, Paaralang Sentral ng San Jose de Buan, Paaralang Sentral ng Jiabong, Paaralang Sentral ng Sta. Margarita, Paaralang Sentral ng Daram I at Paaralang Sentral ng Sto. Nino. Ang mga paaralang ito ay nakapagkat sa kostal, bundukin, karlayn at isla. Narito ang tamtaman antas sa bawat paaralang nabanggit.

**Talahanayan 8**

**Pagtatamong Antas (Achievement Level) ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taon Pagsusulit sa EPP**

| Paaralan | Baitang | Pagtatamong Antas | |
|---|---|---|---|
| | | Mean | MPS |
| Paaralang Sentral ng Sta. Rita | IV | 14.50 | 72.50 |
| | VI | 12.50 | 62.50 |
| | V | 18.13 | 72.52 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **15.10** | **69.17** |
| Paaralang Sentral ng Marabut | IV | 16.77 | 83.85 |
| | V | 7.97 | 39.85 |
| | VI | 12.97 | 51.22 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **12.54** | **58.31** |

*Talahanayan 8 karugtong*

| Paaralan | Baitang | Pagtatamong Antas | |
|---|---|---|---|
| | | Mean | MPS |
| | IV | 16.76 | 83.80 |
| Paaralang Sentral ng Hinabangan | V | 15.27 | 76.45 |
| | VI | 17.40 | 69.90 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **16.48** | **76.72** |
| | IV | 15.83 | 79.15 |
| Paaralang Sentral ng San Jose de Buan | V | 12.43 | 62.15 |
| | VI | 13.87 | 55.48 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **14.04** | **65.59** |
| | IV | 10.17 | 50.85 |
| Paaralang Sentral ng Jiabong | V | 11.10 | 55.50 |
| | VI | 17.90 | 71.60 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **13.06** | **59.32** |
| | IV | 18.17 | 90.85 |
| Paaralang Sentral ng Sta. Margarita | V | 11.75 | 58.65 |
| | VI | 15.03 | 60.12 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **14.98** | **69.87** |
| | IV | 19.60 | 98.00 |
| Paaralang Sentral ng Daram I | V | 18.93 | 94.65 |
| | VI | 24.43 | 97.72 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **20.99** | **96.79** |
| | IV | 12.30 | 61.50 |
| Paaralang Sentral ng Sto. Niño | V | 14.83 | 74.15 |
| | VI | 17.40 | 69.60 |
| **Tamtamang Antas/Sub-Mean** | | **14.84** | **68.48** |
| **Kabuuang Tamtamang Antas/Grand Mean at MPS** | | **15.25** | **70.52** |

Bilang paglalagom, matutunghayan sa Talahanayan 8 na ang kabuuang pagtatamong antas ng mga mag-aaral sa EPP sa mga paaralan ay nakakuha ng kabuuang tamtaman o grand mean na 15.25 at MPS na 70.52. Ipinahihiwatig na ang pagtatamong antas ng mga mag-aaralnmula sa baiting IV, V at VI ay mababa sa asignaturang EPP at mas mababa kaysa sa "mastery level" na 75 na bahagdan.

Pinatutunayan na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa EPP ay mababa ng 4.48 sa mastery level. Ibig sabihin na kailangan pa ng dagdag na instruksyon at sipag ng mga mag-aaral sa pag-aral.

**Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan (EPP) ayon sa mga Guro at Mag-aaral**

Ang mga Talahanayan 9, 10, 11, 12 at 13 ay naglalahad ng mga indikeyteor na siyang makapagsasabi sa kakayahan at kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan mula sa persepsyon ng mga guro mismo at mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral na ito. Ang mga indikeytor na ito ay inuri sa lima: 1) paggamit ng Filipino bilang midyun na panturo sa EPP; 2) pagpili ng layunin sa binagong kompetensi; 3) paggamit ng pamamaraan/pagdulog/estratehiya; 4) pantayang instrumento; at 5) pagbigay ng takdang gawain.

**Paggamit sa Filipino bilang midyum na panturo.** Batay sa Talahanayan 9, ayon sa mga guro, lahat ng mga indikeytor sa paggamit ng Filipino bilang midyum ay nakakuha ng markang "mahusay na mahusay" kung saan ang "pagsulat ng banghay aralin" ang nakakuha ng pinakamataan na weighted mean na 4.31. Ito ay sinundan ng "pagpili ng layunin" na nakakuha ng weighted mean na 4.12. Samantala ang "paggamit ng pamaraan" at "pagtataya ng pagbigay ng aralin" ay parehong nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.91.

Talahanayan 9

**Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino Bilang Midyum na Panturo**

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| 1.Pagsulat ng banghay aralin | Guro | 15 | 13 | 3 | 1 | 0 | 32 | 4.31 | MM |
| | Mag-aaral | 245 | 132 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.65 | PP |
| 2.Pagpili ng layunin sa binagong kompetensi | Guro | 8 | 20 | 4 | 0 | 0 | 32 | 4.12 | MM |
| | Mag-aaral | 127 | 250 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.34 | MM |
| 3.Paggamit ng pamaraan/pag-dulog/istratehiya | Guro | 5 | 20 | 6 | 1 | 0 | 32 | 3.91 | MM |
| | Mag-aaral | 300 | 77 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.80 | PP |
| 4.Pantayang instrumento | Guro | 5 | 21 | 6 | 0 | 0 | 32 | 3.97 | MM |
| | Mag-aaral | 350 | 27 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.93 | PP |
| 5.Pagbigay ng takdang aralin | Guro | 8 | 14 | 9 | 1 | 0 | 32 | 3.91 | MM |
| | Mag-aaral | 280 | 97 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.74 | PP |
| Kabuuan | Guro | 41 | 88 | 28 | 3 | 0 | 160 | | |
| | Mag-aaral | 1302 | 583 | 0 | 0 | 0 | 1885 | | |
| Tamtamang Iskor | Guro | | | | | | | 4.04 | MM |
| | Mag-aaral | | | | | | | 4.69 | PP |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tala:** | 4.51 – 5.00 | Pinakamahusay sa Paggawa | (PP) |
| | 3.51 – 4.50 | Mahusay na Mahusay | (MM) |
| | 2.51 – 3.50 | May Kahusayan | (MK) |
| | 1.51 – 2.50 | Di-Gaanong Mahusay | (DGM) |
| | 1.00 – 1.50 | Hindi Mahusay | (HM) |

Ang tamtamang iskor na ibinigay ng mga guro ay 4.04 na ang ibig sabihin ay, "mahusay na mahusay" sa paggamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng EPP.

Sa kabilang dako, ayon sa mga mag-aaral, lahat ng mga indikeytor sa paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo sa EPP ay nakakuha ng markang "pinakamahusay sa paggawa" maliban sa isa na nakakuha ng markang "mahusay na mahusay". Ang "aktwal na pagtuturo" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.93 na may katumbas na "pinakamahusay sa paggawa", samantalang ang "pagpili ng layunin" ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.34 na ang ibig sabihin ay "mahusay na mahusay". Ang tamtamang iskor na ibinigay ng mga mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo sa EPP ay 4.69 na ang ibig sabihin ay "pinakamahusay sa paggawa". Patunay ito na ang mga guro at mag-aaral ay nagtataglay ng kahusayan sa paggamit ng Filipino.

**Pagpili ng layunin.** Sa Talahanayan 10 ay matutunghayan ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa pagpili ng layunin. Mula sa naturang talahanayan mababatid na ayon sa mga guro, lahat ng indikeytor ay nakakuha ng katumbas na marka na "mahusay na mahusay" kung saan ang "pagpili ng layunin batay sa edukasyong pantahanan" ang nakakuha ng

Talahanayan 10

**Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pagpili ng Layunin**

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| 1.Pagpili ng layuning angkop sa aralin | Guro | 7 | 18 | 7 | 0 | 0 | 32 | 4.00 | MM |
| | Mag-aaral | 230 | 147 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.61 | PP |
| 2.Pagpili ng layunin batay sa sumusunod: | | | | | | | | | |
| 2.1 Sining Pang-Agrikultura | Guro | 2 | 19 | 9 | 2 | 0 | 32 | 3.66 | MM |
| | Mag-aaral | 308 | 69 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.82 | PP |
| 2.2 Sining Pang-Industriya | Guro | 5 | 14 | 11 | 2 | 0 | 32 | 3.69 | MM |
| | Mag-aaral | 310 | 67 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.82 | PP |
| 2.3 Edukasyon Pantahanan | Guro | 6 | 23 | 3 | 0 | 0 | 32 | 4.09 | MM |
| | Mag-aaral | 275 | 102 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.73 | PP |
| 2.4 Tingian at Pangangalakal | Guro | 3 | 18 | 11 | 0 | 0 | 32 | 3.75 | MM |
| | Mag-aaral | 281 | 96 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.75 | PP |
| **Kabuuan** | **Guro** | **23** | **92** | **41** | **4** | **0** | **160** | | |
| | **Mag-aaral** | **1404** | **481** | **0** | **0** | **0** | **1185** | | |
| **Tamtamang Iskor** | **Guro** | | | | | | | **3.84** | **MM** |
| | **Mag-aaral** | | | | | | | **4.75** | **PP** |

**Tala:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.51 – 5.00 | Pinakamahusay sa Paggawa | (PP) |
| | 3.51 – 4.50 | Mahusay na Mahusay | (MM) |
| | 2.51 – 3.50 | May Kahusayan | (MK) |
| | 1.51 – 2.50 | Di-Gaanong Mahusay | (DGM) |
| | 1.00 – 1.50 | Hindi Mahusay | (HM) |

pinakamataas na weighted mean na 4.09. Samantala, ang "pagpili ng layunin batay sa sining pang-agrikultura" ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.66. Sa kabuuan, ang natayang tamtamang iskor ay 3.84 na ang ibig sabihin, ayon sa kanilang persepsyon sila ay "mahusay na mahusay" sa pagpili ng layunin ayon sa binagong kompetensi. Ipinahihiwatig dito na tiyak na ang layunin kanilang pinili sa pagtuturo ng EPP.

Mula rin sa Talahanayan 10, ayon naman sa mga mag-aaral, lahat ng indikeytor na pumapaloob sa kakayahan ng mga guro sa pagpili ng layunin ay binigyan ng katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa", kung saan ang "pagpili ng layunin batay sa sining pang-agrikultura" at "pagpili ng layunin batay sa sining pang-industriya" ay parehong nakakuha ng pinakamataas na weighted means na 4.82. Samantala, ang "pagpili ng layunin angkop sa aralin" ang siyang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.61. Sa kabuuan ang tamtamang iskor na natamo ay 4.75 na ang ibig sabihin ay, ayon sa persepsyon ng mga mag-aaral, ang antas ng kasanayan ng kani-kanilang guro sa pagpili ng layunin sa EPP ayon sa binagong kompetensi ay "pinakamahusay sa paggawa".

<u>Pamamaraan/pagdulog/istratehiya.</u> Mula sa Talahanayan 11 ay mababatid na ayon sa mga gurong nagtuturo ng EPP na lahat ng indikeytor na pumapaloob sa antas ng kanilang kasanayan sa pamamaraan/pagdulog/

Talahanayan 11

**Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pamaraan/Pagdulog/Istratehiya**

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.Pagbabalak (Project) | Guro | 8 | 18 | 3 | 3 | 0 | 32 | 3.97 | MM |
| | Mag-aaral | 286 | 91 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.76 | PP |
| 2.Pagbuod (Inductive) | Guro | 4 | 19 | 8 | 1 | 0 | 32 | 3.81 | MM |
| | Mag-aaral | 284 | 93 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.75 | PP |
| 3.Pasaklaw (Deductive) | Guro | 3 | 15 | 12 | 2 | 0 | 32 | 3.59 | MM |
| | Mag-aaral | 301 | 76 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.80 | PP |
| 4.Panlaboratoryo (Laboratory) | Guro | 6 | 13 | 8 | 4 | 1 | 32 | 3.59 | MM |
| | Mag-aaral | 290 | 87 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.77 | PP |
| 5.Pakitang-turo (Demonstration) | Guro | 6 | 23 | 3 | 1 | 0 | 32 | 4.09 | MM |
| | Mag-aaral | 265 | 112 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.70 | PP |
| 6.Palinang (Developmental) | Guro | 4 | 13 | 10 | 4 | 0 | 31 | 3.55 | MM |
| | Mag-aaral | 250 | 127 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.66 | PP |
| 7.Kasong Pag-aaral (Case Study) | Guro | 1 | 16 | 9 | 6 | 0 | 32 | 3.38 | MK |
| | Mag-aaral | 309 | 68 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.82 | PP |

**May karugtong**

**Talahanayan 11 karugtong**

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8.Talakayan (Discussion) | Guro | 6 | 19 | 7 | 0 | 0 | 32 | 3.97 | MM |
| | Mag-aaral | 288 | 89 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.76 | PP |
| 9.Sariling Pamama-raan (Self-Method) | Guro | 6 | 13 | 10 | 3 | 0 | 32 | 3.69 | MM |
| | Mag-aaral | 205 | 172 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.54 | PP |
| **Kabuuan** | Guro | **44** | **149** | **70** | **23** | **1** | **287** | | |
| | Mag-aaral | **2478** | **915** | **0** | **0** | **0** | **3393** | | |
| **Tamtamang Iskor** | Guro | | | | | | | **3.74** | **MM** |
| | Mag-aaral | | | | | | | **4.73** | **PP** |

| **Tala:** | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.51 - 5.00 | Pinakamahusay sa Paggawa | (PP) |
| | 3.51 - 4.50 | Mahusay na Mahusay | (MM) |
| | 2.51 - 3.50 | May Kahusayan | (MK) |
| | 1.51 - 2.50 | Di-Gaanong Mahusay | (DGM) |
| | 1.00 - 1.50 | Hindi Mahusay | (HM) |

istratehiya sa pagtuturo ng EPP ay binigyan ng katumbas na markang "mahusay na mahusay", maliban lamang sa isa na binigyan ng katumbas na antas na "may kahusayan". Ang "pakitang-turo o demonstration" ay ang indikeytor na nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.09 na may katumbas na antas na "mahusay na mahusay"; samantala, ang "kasong pag-aaral o case study" naman ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.38 na ibig sabihin ay "may kahusayan". Sa kabuuan, ang tamtamang iskor ay 3.74. Ito ay

may katumbas na antas na "mahusay na mahusay". Pinatututnayan din dito na taglay ng mga guro ang paggamit ng alinmang pamaraan sa pagtuturo ng EPP.

Sa kabilang dako, sa persepsyon naman ng mga mag-aaral ukol sa kasanayan ng mga guro ng EPP sa pagpili ng layunin, lahat ng indikeytor na kasangkot dito ay binigyan nila ng katumbas na antas na "pinakamahusay sa paggawa". Sa mga indikeytor, ang "kasong pag-aaral o case study" ang binigyan ng pinakamataas na weighted mean na 4.82 at ang "sariling pamamaraan o self-method" ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.54. Sa kabuuan, ang natamong tamtamang iskor ay umabot ng 4.73 na may katumbas na antas na "pinakamahusay sa paggawa". Napatunayan din ito na taglay na ang kahusayan sa paggamit ng iba-iang pamaraan sa pagtuturo ng EPP.

**Pantayang instrumento/ebalwasyon.** Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa mga pantayang instrumento/ebalwasyon ayon sa persepsyon ng mga guro mismo at ng mag-aaral. Mula sa nasabing talahanayan, mababatid na ang lahat ng mga indikeytor na kasangkot dito ay tinayang "mahusay na mahusay" ayon sa persepsyon ng mga guro sa EPP, maliban lamang sa isang indikeytor kung saan ito ay tinayang "may kahusayan" lang. Sa mga indikeytor, "pagmamasid o observation" ito ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.09 na may katumbas na antas na "mahusay na mahusay". Samantala, ang "pagsusulit

Talahanayan 12

**Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pantayang Instrumento/Ebalwasyon**

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| 1.Pagmamasid (Observation) | Guro | 11 | 14 | 6 | 1 | 0 | 32 | 4.09 | MM |
| | Mag-aaral | 205 | 172 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.54 | PP |
| 2.Ebalwasyon sa nalaong proyekto | Guro | 5 | 18 | 8 | 1 | 0 | 32 | 3.84 | MM |
| | Mag-aaral | 280 | 97 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.74 | PP |
| 3.Ebalwasyon sa kabatiran | | | | | | | | | |
| 3.1 Papel at lapis na pagsusulit | Guro | 4 | 23 | 5 | 0 | 0 | 32 | 3.97 | MM |
| | Mag-aaral | 259 | 118 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.69 | PP |
| 3.2 Pagsusulit na inihanda ng testing services | Guro | 2 | 17 | 11 | 2 | 0 | 32 | 3.59 | MM |
| | Mag-aaral | 263 | 114 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.70 | PP |
| 3.3 Pagsusulit ng sangay | Guro | 2 | 16 | 11 | 3 | 0 | 32 | 3.53 | MM |
| | Mag-aaral | 228 | 149 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.60 | PP |
| 3.4 Pagsusulit ng rehiyon/ nasyunal | Guro | 2 | 15 | 12 | 3 | 0 | 31 | 3.50 | MK |
| | Mag-aaral | 309 | 68 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.82 | PP |
| Kabuuan | Guro | **26** | **103** | **53** | **10** | **0** | **192** | | |
| | Mag-aaral | **1544** | **718** | **0** | **0** | **0** | **2262** | | |

May karugtong

Talahanayan 12 karugtong

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| Tamtamang Iskor | Guro | | | | | | | 3.76 | MM |
| | Mag-aaral | | | | | | | 4.68 | PP |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tala: | 4.51 - 5.00 | Pinakamahusay sa Paggawa | (PP) |
| | 3.51 - 4.50 | Mahusay na Mahusay | (MM) |
| | 2.51 - 3.50 | May Kahusayan | (MK) |
| | 1.51 - 2.50 | Di-Gaanong Mahusay | (DGM) |
| | 1.00 - 1.50 | Hindi Mahusay | (HM) |

rehiyon/nasyuhal" ay nakakuha ng mas mababang weighted mean na 3.50 na may katumbas na antas na "may kahusayan". Sa kabuuan ang natamong tamtamang iskor ay 3.76 na may katumbas na antas na "mahusay na mahusay". Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay taglay na nito ang iba-ibang instrumento o ebalwasyong ginagamit sa EPP.

Sa panig ng mga mag-aaral, matutunghayan din sa Talahanayan 12, lahat ng mga indikeytor na nagsasaad ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo sa EPP ayon sa pantayang instrumento/ebalwasyon ay binigyan ng katumbas na antas na "pinakamahusay sa paggawa" kung saan ang "pagsusulit rehiyon/ nasyunal" ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.82 at ang "pagmamasid" naman ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.54. Samantala, ang tamtamang iskor na natamo bilang persepsyon ng mga

mag-aaral sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa pantayang instrumento/ebalwasyon ay 4.68. Ito ay may katumbas na antas na "pinakamahusay sa paggawa". Ibig ipahiwatig na ang mga guro at mag-aaral ay magkaugnay ang kanilang pananaw sa kategoryang ito.

**Pagbigay ng takdang aralin.** Sa Talahanayn 13 ay makikita ang persepsyon ng dalawang uri ng tagasagot sa pag-aaral na ito ukol sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa pagbigay ng takdang aralin. Mula sa naturang talahanayan, mababatid na sa panig ng mga guro mismo, lahat ng indikeytor ayon sa pagbigay ng takdang aralin ay binigyan ng katumbas na antas na "mahusay na mahusay" kung saan ang "pagbibigay ng takdang gawain" ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.28. Samantala, ang indikeytor na "pananaliksik" ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.72. Sa kabuuan, ang tamtamang iskor ay umabot sa 4.06 na may katumbas na antas na "mahusay na mahusay".

Sa panig ng mga mag-aaral, lahat ng indikeytor sa antas ng kasanayan na mga guro sa EPP ayon sa pagbigay ng takdang aralin ay binigyan ng katumbas na antas na "pinakamahusay sa paggawa". Ang mga indikeytor na "proyekto sa bawat markahan" ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.84 at ang "pananaliksik" naman ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.79. Sa kabuuan, ang tamtamang iskor ay 4.82 na may katumbas na antas na

## Talahanayan 13

### Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pagbigay ng Takdang Aralin

| Mga Indikeytor | Taga-sagot | Mga Kasaguatan 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | Weighted Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.Pagbibigay ng takdang gawain | Guro | 11 | 19 | 2 | 0 | 0 | 32 | 4.28 | MM |
| | Mag-aaral | 308 | 69 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.82 | PP |
| 2.Proyekto sa bawat markahan | Guro | 10 | 18 | 4 | 0 | 0 | 32 | 4.19 | MM |
| | Mag-aaral | 315 | 62 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.84 | PP |
| 3.Pananaliksik | Guro | 4 | 15 | 13 | 0 | 0 | 32 | 3.72 | MM |
| | Mag-aaral | 299 | 78 | 0 | 0 | 0 | 377 | 4.79 | PP |
| Kabuuan | Guro | 25 | 52 | 19 | 0 | 0 | 96 | | |
| | Mag-aaral | 922 | 209 | 0 | 0 | 0 | 1131 | | |
| Tamtamang Iskor | Guro | | | | | | | 4.06 | MM |
| | Mag-aaral | | | | | | | 4.82 | PP |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tala:** | 4.51 - 5.00 | Pinakamahusay sa Paggawa | (PP) |
| | 3.51 - 4.50 | Mahusay na Mahusay | (MM) |
| | 2.51 - 3.50 | May Kahusayan | (MK) |
| | 1.51 - 2.50 | Di-Gaanong Mahusay | (DGM) |
| | 1.00 - 1.50 | Hindi Mahusay | (HM) |

"pinakamahusay sa paggawa." Ipinahiwatig din dito na ang pagbigay ng takdang gawain ay di-gaanong mahirap at napakadali lamang.

## Mahalagang Pagkakaiba sa Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo ng EPP Batay sa Limang Indikeytor

Ang Talahanayan 14 ay naglalahad ng pagkakaiba sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kasanayan sa pagtuturo ng EPP batay sa limang larangan o indikeytor, tulad ng: 1) paggamit ng Filipino bilang midyum na

**Talahanayan 14**

**Pagkakaiba sa Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo ng EPP Batay sa Limang Indikeytor**

| Area | Guro | | Mag-aaral | |
|---|---|---|---|---|
| | Weighted Mean | Interpre-tasyon | Weighted Mean | Interpre-tasyon |
| 1.Paggamit ng Filipino Bilang Midyum na Panturo | 4.04 | MM | 4.69 | PP |
| 2.Pagpili ng Layunin | 3.84 | MM | 4.75 | PP |
| 3.Pamamaraan/Pagdulog/ Istratehiya | 3.74 | MM | 4.73 | PP |
| 4.Pantayang Instrumento/ Ebalwasyon | 3.76 | MM | 4.68 | PP |
| 5. Kasunduan/Takdang Aralin | 4.06 | MM | 4.82 | PP |

panturo; 2) pagpili ng layunin; 3) paggamit ng mga pamaraan, pagdulog o istratehiya; 4) pantayang instrumento o ebalwasyon; at 5) pagbibigay ng takdang aralin.

Sa sulyap sa talahayan ayon sa pagkasunod-sunod sa panig ng mga guro; ang 5 indikeytor ay nagkaroon ng mga weighted means na 4.04, 3.84, 3.75, 3.76 at 4.06 na nangangahulugang "mahusay na mahusay". Sa panig ng mga mag-aaral ayon sa pagkasunod-sunod ng mga indikeytors; ang mga weighted means ay 4.69, 4.75, 4.73, 4.68 at 4.82 na lumabas na "pinakamahusay na paggawa". Ipinahiwatig dito na ang kapwa mga tagasagot ay nagkaisa sa kanilang persepsyon sa kakayahan ng pagtuturo ng mga guro sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan. Patunay lamang ito na nagagampanan ng mga ito ang kani-kanilang tungkulin.

**Paghahambing sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral.** Ipinakikita sa Talahanayan 15 ang balangkas ng halaga ng t sa paghahambing ng persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP. Ang limang mga indikeytor ay tinuos ang halaga ng t at inihanbing sa kritikal balyu sa 0.05 lebel ng halaga at pinagpasiyahan kung nararapat tanggabin o tanggihan ang mga ipoteses. Tunghayan ang mga detalye sa naturang talahanayan.

**Paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo.** Mula sa Talahanayan 15 ay matutunghayan na ang natuos na halaga ng t na 5.18 at napatunayan mas mas mahigit pa kaysa sa kritikal na halaga ng t na 2.306 at 0.05 degri ng kalayaan. Batay sa ebalwasyon nagging mahalaga ang lumabas. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na magkapareho ang penomenom ng dalawang uri ng tagasagot sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo ng EPP.

**Layunin sa binagong kompetensi.** Sa parehong Talahanayan 15 ang pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi ay may natuos na halaga ng t na 9.56 sa 0.05 degri ng kalayaan. Kapansin-pansin na ito'y mas mataas sa kritikal t na 2.306 at mahalaga ang lumabas. Kung kayat ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi ay tinanggihan. Ipinahihiwatig dito na ang, pananaw ng dalawang uri ng tagasagot sa mga layunin ng patuturo ay di-nagkakaiba.

**Sa paggamit ng pamaraan/pagdulog/istratehiya.** Matutunghayan sa Talahanayan 15 ang tungkol sa paggamit ng iba-ibang pamaraan, pagdulog at istratehiya sa pagtuturo ng EPP. Ang natuos na halaga ng t na 7.37 ay

**Talahanayan 15**

**Balangkas ng Halaga ng t sa Paghahambing ng Persepsyon ng mga Guro at ang Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP**

| Indikeytor | Halaga ng t | | Ebalwasyon | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| | Natuos | Kritikal $\alpha = .05$ | | |
| 1.Paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo | 5.18 | 2.306 | Mahalaga | Tanggihan ang ipotesis |
| 2.Pagpili ng layunin sa binagong kompetensi | 9.56 | 2.306 | Mahalaga | Tanggihan ang ipotesis |
| 3.Pagamit/pagdulog/ estratehiya | 7.37 | 2.120 | Mahalaga | Tanggihan ang ipotesis |
| 4.Pantayang instrumento/ ibalwasyon | 8.51 | 2.228 | Mahalaga | Tanggihan ang ipotesis |
| 5. Pagbigay ng takdang aralin | 4.36 | 2.776 | Mahalaga | Tanggihan ang ipotesis |

napatunayang mas malaki kaysa sa kritikal na halaga nt t na 2.120 sa 0.05 degri ng kalayaan at lumabas na mahalaga. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba ang mga persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa paggamit ng pamamaraan, pagdulog o istratehiya ay tinanggihan". Ibig ipahiwatig dito na

nagkakatugma ang dalawang uri ng tagasagot sa kani-kanilang pananaw sa iba-ibang pamamaraang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng EPP.

**Pantayang instrumento/ebalwasyon.** Mula sa Talahanayan 15 mapapansin ang mga pantayang instrumento o ebalwasyon ginamit sa EPP. Ang natuos na halaga ng t na 8.51 ay napatunayan mas malaki kaysa sa kritikal na halaga ng t na 2.228 sa .05 degri ng kalayaan. Ito ay lumabas na mahalaga. Kung kayat ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa pantayang instrumento o ebalwasyong ginamit ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na di-nagkaiba ang pananaw ng mga tagasagot tungkol dito.

**Pagbibigay ng takdang aralin.** Mula rin sa Talahanayan 15, ay mababatid ang pagbibigay ng takdang aralin na nagkaroon ng tinuos na halaga ng t na 4.36 sa .05 degri ng kalayaan. Ito ay mas mataas sa kritikal ha halaga ng t na 2.776 na nagpatunay na mahalaga. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP sa pagbibigay ng takdang gawain ay tinanggihan. Ipinahihiwatig dito na nagkatugma angpananaw ng mga tagasagot sa mga takdang gawain ibinibigay sa kanila ng kanilang guro sa EPP.

**Kaugnayan ng Natamong Antas ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taon Pagsusulit sa EPP at ang Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa EPP**

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa mahalagang kaugnayan ng natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit sa EPP at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP. Sinubok dito ang mga ipotesis sa pamamagitan ng angkop na gamit pang-estadistika, tulad ng Peason-Product-Moment Coefficient Correlation o Pearson r sa pagtataya ng mga indikeytor: paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo, pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi, paggamit ng mga pamaraan, pagdulog at istretehiya, mga pantayang instrumento o ebalwasyon at ang pagbibigay ng takdang gawain.

Sa matutunghayan sa Talahanayan 16, balangkas ng kaugnayan ng natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP.

Sa pagtutuos ng mga natamong antas ng mga mag-aaral at antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP, narito ang resulta. Sa paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo, 70.52 sa mga mag-aaral at 4,04 sa mga guro. Sa pagpili sa mga layunin sa binagong kompetensi, 71.16 sa mga mag-aaral at 3.84 sa mga guro. Sa paggamit ng pamamaraan, pagdulog o istratehiya, 64.60 sa mga mag-aaral at 3.76 sa mga guro. Sa paggamit ng mga pantayang instrumento o ebalwasyn, 63.74 sa mga mag-aaral at 3.76 sa mga guro. Sa pagbibigay ng

Talahanayan 16

**Balangkas ng Kaug-nayan ng Natamong Antas ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taon Pagsusulit at ang Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP**

| Mga Indikeytor | Natamong Antas ng Mga Mag-aaral | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa EPP |
|---|---|---|
| Paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo | 70.52 | 4.04 |
| Pagpili ng mga Layunin sa binagong kompetensi | 71.16 | 3.84 |
| Pamaraan/pagdulog/ estratehiya | 64.60 | 3.74 |
| Pantayang instrumento/ ebalwasyon | 63.74 | 3.76 |
| Pagbibigay ng takdang aralin | 82.61 | 4.06 |
| **Natuos na halaga ng r** | **0.82** | |
| **Ebalwasyon** | **Mataas na positibong ugnayan** | |
| **Natuos na halaga ng Fisher's t** | **2.481** | |
| **Kritikal na halaga ng t** | **1.960** | |
| **Ebalwasyon** | **Makabuluhan** | |
| **Desisyon** | **Tanggihan ang ipotesis** | |

takdang aralin, 82.61 sa mga mag-aaral at 4.06 sa mga guro. Ang tinuos na halaga ng r ay 0.82 na nagpakita ng mataas na positibong ugnayan. Sa pagtutuos ng

Fisher's t, lumabas ang resulta na 2.481 at nagpakita ng mas mataas sa kritikal na halaga ng t sa 1.960, sa 0.05 lebel ng halaga at ang ebalwasyon ay makabuluhan. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang makabuluhang kaugnayan ang natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon sa pagsusulit sa EPP at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ay tinanggihan". Ipinahihiwatig dito na nagkakaisa o mahusay ang ugnayan ng kapwa guro at mag-aaral sa pagtuturo't pagkatutong sitwasyon sa loob ng klasrum.

**Mga Suliranin Kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan**

Ang Talahanayan 17 ay naglalahad ng mga suliraning kinaharap sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan. Ang mga suliraning kasama ang mga weighted means at interpretasyon ay ang sumusunod. Ang suliranin sa paggamit ng Filipino bilang Wikang panturo at sa pagsulat ng banghay aralin, pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi, paglinang ng aralin sa nakalaang oras ng iskedyul, pagbuo ng mga pagsusulit bilang pantaya sa markahan, pagbibigay ng kasunduan at takdang gawain at behebyor/pagsasagawa ng mga mag-aaral sa klase ay pawang nasa "may pagkamatindi" o MP na may mga weighted means na 3.16, 3.47, 3.22, 3.28, 3.12 at 3.28 ayon sa pagkasunod-sunod. Samantalang sinasabi ng ilang tagasagot na "matinding matindi" o MM ang mga

Talahanayan 17

**Mga Suliranin Kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan**

| Mga Suliranin | Mga Kasagutan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 5 (PS) | 4 (MM) | 3 (MP) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| 1.Paggamit ng Filipino bilang Wikang panturo at sa pagsulat ng banghay aralin | 9 | 7 | 2 | 8 | 3 | 32 | 3.16 | MP |
| 2.Pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi | 8 | 9 | 5 | 10 | 0 | 32 | 3.47 | MP |
| 3.Pagpili ng layunin naaangkop sa paksang ituturo sa apat na komponent | 10 | 11 | 5 | 4 | 2 | 32 | 3.72 | MM |
| 4.Paggamit ng mga batayang aklat at sangunian sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral | 8 | 10 | 8 | 6 | 0 | 32 | 3.62 | MM |
| 5.Paggamit ng akmang pamamaraan/istra-tehiya sa paksang itinuturo | 7 | 10 | 6 | 9 | 0 | 32 | 3.47 | MP |
| 6.Paglinang ng aralin sa nakalaang oras ng ikedyul | 5 | 10 | 6 | 9 | 2 | 32 | 3.22 | MP |
| 7.Pagbuo ng mga pagsusulit bilang pantaya sa markahan | 8 | 8 | 4 | 9 | 3 | 32 | 3.28 | MP |
| 8.Paggawa ng proyekto | 3 | 17 | 7 | 5 | 0 | 32 | 3.56 | MM |
| 9.Pagbibigay ng kasun-duan at takdang aralin | 6 | 8 | 7 | 6 | 5 | 32 | 3.12 | MP |
| 10.Behebyor/pagsasa-gawa ng mga mag-aaral sa klase | 2 | 12 | 11 | 7 | 0 | 32 | 3.25 | MP |

**May karugtong**

Talahanayan 17 Karugtong

| Mga Suliranin | Mga Kasagutan | | | | | | Weigh-ted Mean | Inter-pre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 5 (PS) | 4 (MM) | 3 (MP) | 2 (DGM) | 1 (HM) | Total | | |
| **Kabuuan** | 66 | 102 | 61 | 73 | 18 | 320 | | |
| **Grand Mean** | | | | | | | 3.39 | MP |

**Tala:**

| | | |
|---|---|---|
| 4.51 - 5.00 | Pinakamatinding Suliranin | (PS) |
| 3.51 - 4.50 | Matinding Matindi | (MM) |
| 2.51 - 3.50 | May Pagkamatindi | (MP) |
| 1.51 - 2.50 | Di-Gaanong Matindi | (DGM) |
| 1.00 - 1.50 | Hindi Matindi | (HM) |

suliranin nila sa, pagpili ng layunin naaangkop sa paksang itinuturo sa apat na komponent, paggamit ng mga batayang aklat at sanggunian sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral, paggamit ng mga akmang pamamaraan/istratehiya sa paksang itinuturo at pagpapagawa ng proyekto. Sa kabuuan, ang mga suliraning tinukoy ay kabuuang mean na 3.39 na nangangahulugang "may pagkamatindi" o MP. Ipinahihiwatig na nahirapan ang mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan dahilan sa mga suliraning nabanggit. Gayunpaman nagsumikap ang mga gurong tagasagot na ginamit nila ang lahat ng mga paraan upang maging madali ang pagtuturo sa naturang asignatura.

**Mga Solusyon sa mga Suliranin ng mga Guro Sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan**

Ang Talahanayan 18 ay naglalahad ng mga solusyon sa mga suliraning kinaharap ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa EPP. Ang mga solusyong tinutukoy ay ang pagsasagawa ng salingkurang pagsasanay sa sining ng komunikasyon, pagsasagawa ng gawaing kapulungan sa pagbabadyet ng leksiyon, pagsusuri ng mga layunin, pagsusuri sa mga batayang aklat, pagsasagawa ng mga serye ng pakitang-turo, pagmamasid, pagwoworkshop, pagsusubaybay, pagmomonitor at talakayn ay pawang sinang-ayunan ng mga gurong tagasagot at ito'y may kabuuang mean na 4.29 na ang ibig sabihin ay "sumasang-ayon" o S. Ipinahihiwatig lamang na ang kalutasan sa mga suliraning nabanggit ay nakasalalay sa mga solusyong inilahad. Subalit kung papayagan o pagbibigyan lamang ang mga gurong nagtuturo ng EPP ng sapat na panahon na makaranas ng mga iminungkahing solusyon tiyak na magiging epektibo at kapakipakinabang ang paglilipat ng mga kaalaman at kasanayan sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan sa mga kinaukulan.

**Ang Interbensyong Programa na Maaaring Isasagawa Mula sa Kinalabasan ng Pag-aaral na Ito**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makagawa ng isang interbensyong programa para sa mga gurong nagtuturo ng Edukasyon Pantahanan at

**Talahanayan 18**

**Mga Solusyon sa mga Suliraning Kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan**

| Mga Solusyon | Mga Kasagutan | | | | | | Weighted Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 5 (LS) | 4 (S) | 3 (HS) | 2 (DS) | 1 (LDS | Total | | |
| 1.Pagsagawa ng saling-kurang pagsasanay sa sining ng komunikasyon | 7 | 22 | 2 | 1 | 0 | 32 | 4.09 | S |
| 2.Pagsasagawa ng gawaing kapulungan sa pagbabadyet ng liksyon | 15 | 17 | 0 | 0 | 0 | 32 | 4.47 | S |
| 3.Pagsusuri ng mga layunin | 15 | 16 | 1 | 0 | 0 | 32 | 4.44 | S |
| 4.Pagsusuri sa mga batayang aklat | 13 | 15 | 4 | 0 | 0 | 32 | 4.28 | S |
| 5.Pagsasagawa ng mga serye ng pakitangturo | 14 | 13 | 5 | 0 | 0 | 32 | 4.28 | S |
| 6.Pagmamasid | 10 | 17 | 4 | 1 | 0 | 32 | 4.12 | S |
| 7.Pagwoworkshop | 17 | 13 | 2 | 0 | 0 | 32 | 4.47 | S |
| 8.Pagsusubaybay | 10 | 18 | 4 | 0 | 0 | 32 | 4.19 | S |
| 69.Pagmomonitor | 13 | 17 | 2 | 0 | 0 | 32 | 4.34 | S |
| 10.Talakayan | 11 | 17 | 4 | 0 | 0 | 32 | 4.22 | S |
| **Kabuuan** | **125** | **165** | **28** | **2** | **0** | **320** | | |
| **Grand Mean** | | | | | | | **4.29** | **S** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tala:** | 4.51 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | (LS) |
| | 3.51 - 4.50 | Sumasang-ayon | (S) |
| | 2.51 - 3.50 | Hindi Sigurado | (HS) |
| | 1.51 - 2.50 | Di Sumasang-ayon | (DS) |
| | 1.00 - 1.50 | Lubos na Di Sumasang-ayon | (LDS) |

Pangkabuhayan sa intermedya. Mayroon 7 mga katanungan ang sinagot upoang makatugon sa pag-aaral na ito. Base sa resulta ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nakapagrekomenda ng isang masidhing salingkurang pagsasanay at mga detalyeng kaugnay nito inilahad sa Kabanata 6 ng pag-aaral na ito.

Kabanata 5

# LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng nilagom na mga resulta, mga nabuong konklusyon at mga rekomendasyon batay sa konklusyon ng pag-aaral na ito.

## Lagom ng Kinalabasan

Ang sumusunod ay ang mga pangunahing kinalabasan ng pag-aaral:

1. Batay sa pagsusuri ng mga datos na nalikom, ang tipikal na guro na nagtuturo ng EPP sa intermedya ay may katamtamang gulang na 43.41 na taon na may standard deviation na 9.77 na taon; karamihan ay mga babae, may asawa na mga regular sa posisyon; sa bilang ng taon ng pagtuturo ay may average mean ng taon sa pagtuturo na 17.56, at may standard deviation na 7.53 na taon. Kwalipikado sila sa pagtuturo dahilan sa nagtapos sa mga kursong BEED at BSED. Habang sila ay nasa serbisyo, nabigyang puwang na makadalo ng pampurok at pansangay na mga salingkurang pagsasanay na siyang nakatulong sa kanila upang maitaas ang kanilang kakayahan sa pagtuturo. Bilang sahod, sila ay may average mean na buwanang kita na PhP10,781.75 at standard deviation na P1,170.45 sa istandard kurensi ng Pilipinas.

2. Sa panig ng mga mga-aaral sa mga baitang IV, V at VI, ang pagtatamong antas na nakuha nila sa panggitnang taon pagsusulit sa EPP ay may kabuuang tamtamang antas na 15.25 at MPS na 70.52.

3. Ayon sa mga guro, ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP ayon sa paggamit ng Filipino bilang midyum na panturo ay tinaya sa 4.04 na may katumbas na markang "mahusay na mahusay". Sa kabilang dako, ayon sa mga mag-aaral, ang antas ng kakayahan ng kani-kanilang guro batay sa naturan ay tinaya sa 4.69 na may katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa".

4. Ayon sa mga guro, ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP ayon sa pagpili ng layunin sa bagong kompetensi ay tinaya sa 3.84 na may katumbas na markang "mahusay na mahusay". Sa kabilang dako, ayon sa mga mag-aaral, ang antas ng kakayahan ng kani-kanilang guro batay sa naturan ay tinaya sa 4.75 na may katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa".

5. Ayon sa mga guro, ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP ayon sa pamaraan/pagdulog/istratehiya ay tinaya sa 3.74 na may katumbas na markang "mahusay na mahusay". Sa kabilang dako, ayon sa mga mag-aaral ang antas ng kakayahan ng kani-kanilang guro, batay sa naturan ay tinaya sa 4.73 na may katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa".

6. Ayon sa mga guro, ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP ayon sa pantayang instrumento/ebalwasyon ay tinaya sa 3.68 na may katumbas na markang "mahusay na mahusay". Sa kabilang dako, ayon sa mga mga-aaral, ang antas ng kakayahan ng kani-kanilang guro batay sa naturan ay tinaya sa 4.68 na may katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa".

7. Ayon sa mga guro, ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng EPP ayon sa pagbibigay ng takdang aralin ay tinaya sa 4.06 na may katumbas na markang "mahusay na mahusay". Sa kabilang dako, ayon sa mga mag-aaral, ang antas ng kakayahan ng kani-kanilang guro batay sa naturan ay tinaya sa 4.82 na may katumbas na markang "pinakamahusay sa paggawa".

8. Sa paghahambing ng persepsyon ng mga guro sa EPP at mga mag-aaral ukol sa antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng EPP, ayon sa limang indikeytor; napag-alaman na mahalaga ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang tagasagot. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng natuos na halaga ng t na mas higit kaysa sa kritikal na halaga ng t. Kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba and persepsyon sa pagitan ng mga guro at mag-aaral sa antas nga kkayahan sa pagtuturo ng EPP" ay tinanggihan.

9. Sa pag-uugnay ng natamong antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon pagsusulit sa EPP at ang antas ng kakayahan ng mga guro sa

pagtuturo ng EPP, ay napag-alaman na ang dalawang naturang baryabol ay may mataas na positibong kaugnayan sa isa't isa. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng natuos na r na 0.82. Ito ay sinubok sa pamamagitan ng Fisher's t-test na kung saan ang natuos na halaga ng t na 2.481 ay lumabas na mas mahigit kaysa sa kritikal na halaga ng t na 1.960. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng mga mag-aaral sa panggitnang taon sa pagsusulit sa EPP at ang antas ng kakayahan ng mga guro" ay tinanggihan.

10. Napatunayan ng mananaliksik na may mga suliraning kinaharap ang mga guro sa pagtuturo ng EPP na naging sanhi ng hindi pagiging epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa naturang asignatura. Base sa ebalwasyon ng mga guro, ang mga ito ay tinaya sa 3.39 na may katumbas na antas na "may pagkamatindi". Ang sumusunod ay ang mga suliraning nataya sa pag-aaral na ito: paggamit ng Filipino bilang Wikang panturo at sa pagsulat ng banghay aralin, pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi, paglinang ng aralin sa nakalaang oras ng iskedyul, pagbuo ng mga pagsusulit bilang pantaya sa markahan, pagbibigay ng kasunduan at takdang gawain at behebyor/ pagsasagawa ng mga mag-aaral sa klase.

11. Sa kabila ng mga suliraning kinaharap ng mga guro sa EPP, sila ay may mga solusyon para dito. Ayon sa kanilang ebalwasyon, ang mga naitalang

solusyon ay tinaya sa 4.29 na may katumbas na "sumasang-ayon". Ibig sabihin, ang mga solusyong ito ay nakatulong sa pagpapagaan ng kanilang mga suliranin sa pagtuturo ng EPP bilang asignatura.

12. Isang desinyo ng salingkurang pagsasanay ang binuo at isasagawa bilang isang interbensyong programa sa pag-aaral na ito.

## Mga Konklusyon

Batay sa lagom ng kinalabasan, ang sumusunod na mga konklusyon ay nabuo:

1. Ang mga guro sa intermedya na nagtuturo ng EPP ay pawang mga kwalipikado sa posiyon na kanilang hinahawakang asignatura. Dahilan sa nakapagtapos sila ng apat na taong degring programa sa kolehiyo at ang ilan ay may mga advance yunits sa gradwadong pag-aaral, haba nga taon ng paglilingkod, regular at may mga pagsasanay.

2. Ang antas ng mga mag-aaral ay di-umabot sa lubusang pagkatuto na 75 na bahagdan kung kayat nararapat ito pag-ukulan ng pansin.

3. Walang mahalagang pagkakaiba sa persepsyon ng mga guro sa EPP at mag-aaral sa intermedya ukol sa antas ng kakayahabn ng mga guro sa pagtuturo ng EPP ayon sa limang indikeytor. Magkatugma ang pananaw ng kapwa guro at mag-aaral sa pagtuturo't pagkatutong sitwasyon na kanilang nadarama.

4. Bagama't may mga suliraning kinaharap ang mga guro sa pagtuturo at ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng EPP, ang mga ito ay hindi gaanong naging sagabal sapagkat sila ay nagkaroon ng kagyat na solusyon para sa mga ito.

5. Isang salingkurang pagsasanay sa nauugnay na disiplina ay tugon sa pangangailangan ng mga kinauukulan.

## Mga Rekomendasyon

Batay sa naturang mga konklusyon, ang mananaliksik ay nagmumungkahi ng sumusunod:

1. Upang lalong mapataas ang antas ng pagtuturo ng EPP ng mga guro sa intermedya, kailangan ang patuloy na pagdalo o paglahok sa mga salingkurang pagsasanay na may kaugnayan sa asignaturang EPP sa iba't ibang lebel, hindi lamang sa pampurok kundi sa pansangay o panrehiyon o nasyunal na antas.

2. Himukin na magpatuloy sa gradwadong pag-aaral ang mga gurong nagtuturo ng EPP upang maiangat ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtuturo, ng asignaturang ito.

3. Bigayn panahon ang mga gurong nagtuturo ng EPP na magkaroon din ng pagkakataon makadalo sa mga salingkurang pagsasanay di lamang sa EPP kundi sa larangan ng pakikipagtalastasan sa Filipino kung maaari. Bigyan

sila ng pagkakataong makapagsanay sa isang maikling kurso sa kumunikasyon sa Filipino tuwing tag-init o kahit na sa taong panuruan.

4. Bigyan ng insentibo ang mga gurong nagtuturo ng EPP nang mas mataas-taas na sahod kaysa mga karaniwang guro dahilan sa sila ay nagtataglay ng angking kasanayan panggawain na makakatulong sa pagpapaunlad ng ikabubuhay ng tao, pamayanan at ekonomiya ng bayan.

5. Maaaring magsagawa ng parehong pag-aaral bilang pamatnubay na pag-aaral (follow-up study) di lamang sa pansangay ang saklaw at maging sa panrehiyon na kaligiran.

6. Isagawa agad ang binuong matriks ng pagsasanay sa pag-aaral na ito.

## Kabanata 6

## ISANG DESINYO NG SALINGKURANG PAGSASANAY

### PANIMULA

Ang bahaging ito ay naglalahad ng isang interbensyong programa na isang salingkurang pagsasanay bilang resulta ng pag-aaral na ito. Ang desinyong ito ang siyang naging tagubilin para sa pagpapabuti sa kakayahan ng mga gurong nagtuturo ng EPP sa intermedya. Ang aktuwal na implementasyon ng naturang desinyo ang siyang magpapasiya sa bisa ng mga nairekomendang mga paksa at gawain para sa ikabubuti, ikauunlad at ikapagtatamo ng mga tunguhin sa larangan ng Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP).

### I - RATIONALE

Aasahan ang isang pilosopikal, lohikal at maugnaying programa ng Salingkurang-Pagsasanay na ito. Ito ay isasagawa sa loob ng sampung araw o dalawang linggo na isang intensibong kurso na magbibigay sa mga kalahok ng sapat na kabatiran, kakayahan tungo sa kahusayang antas ng isang realistikong pagsasakatuparan sa loob ng kani-kanilang mga silid-aralan.

Sa katiyakan inaasahang matatamo ang sumusunod:

1. Maisasagawa ang isang maikling kurso sa isang palabigkasang komunikasyon;

2. Makakapili ng mga naangkop at magkatugmang layunin, paksang aralin, pamamaraan/istratehiya at maging mga instrumentong pantaya sa pagtuturo; at

3. Mapapahalagahan ang iba-ibang mga gawaing ipinatutupad sa katapusan ng pagsasanay.

**II - NILALAMAN/KONTENT**

Sa bahaging ito matatagpuan ang mga paksa at mga gawaing isasakatuparan sa loob ng isang nakalaang panahon. Ito ay nababahagi sa sampung (10) araw ng intensibong implementasyon. Maingat ang mga ito na pinag-iisipan at isinangguni sa mga tagamasid sa EPP at sa Tagapayo ng Mananaliksik:

**Araw 1 at 2** – Maikling Palabigkasang Kurso sa Kumunikasyon

Pag aaralan dito:

a. **Segmental na ponema:** Tunog na patinig, katinig, diptonggo, mga kambal katinig;

b. **Supra - segmental na ponema:** Diin, intonasyon, tono at pagtigil o junctures.

**Araw 3 -** Pagsasaling-wika/Translasyon

a. Simpleng mga bokabularyo

b. Mga hulwaran (pattern) pagsasanay

c. Mga katawagan sa uring industriya, agrikultura at edukasyon pantahanan

**Araw 4 -** Pagsusuri sa Binagong Kompetensi

a. Pangkognitibong aspekto

b. Apektibong aspekto

c. Saykomotor na aspekto

**Araw 5 - 6** Pamaraan/Pagdulog/Estratehiya sa Pagtuturo. Talakayin o ipakita sa pamamagitan ng simulasyon na pagtuturo ang sumusunod:

a. Talakayan

b. Panel Forum

c. Symposium forum

d. Pagtutungali "Debate"

e. Kumperensya sa Palibot Mesa

f. Informal Group discussion

g. Fact finding Discussion

h. Lecture Forum

i. Pangkatang Pakikipanayam

j. Brainstorming

**Araw 7 -** Mga Serye ng Pakitang Turo sa

**a.** Sining Pang-industriya

**b.** Sining Pang-agrikultura

**c.** Edukasyon Pantahanan

**d.** Tingi-an at Pagtititnda

**Araw 8 -** Paggawa ng mga Banghay Aralin sa Pagtuturo sa Apatang Lawak ng EPP

**Araw 9 -** Paggawa ng mga Kagamitang Pampagtuturo tulad ng

a. Sample na Pagsusulit

b. Formative/Quiz

c. Summative/Markahang Pagsusulit

d. Krayteryon sa Pagtataya

e. Mga Panukatan o Iskala

**Araw 10 -** Kawakasan (Culminating)

**a.** Pagtatanghal ng Eksibit

**b.** Pangwakas na Programa

**III - PAGTUTURO AT PAGKATUTUNG KARANASAN**

(Teaching & Learning Experience)

Ang sumusunod ay ang mga istretehiya/mga gawain:

a. Paglelektyur

b. Pananaliksik

c. Pagdodukumentasyon

d. Pagpapakitang Turo

e. Pagwoworkshop

f. Pagro-rolepalay

g. Pagdidisplay

h. Pagkukumperensya

i. Pagkikritek

j. Pagtataya/Ebalwasyon

**IV - Mga Ekspektanses / Output**

a. Kompilasyon ng mga literature/brosyur

b. Badyet ng mga aralin

c. Sampol ng mga Banghay Aralin at Kagamitang Panturo

d. Mga Instrumentong Pantaya

# TALASANGGUNIAN

## BIBLIOGRAPIYA

### AKLAT


Aquino, Gaudencio V. et al. Educational Psychology. Quezon City: Rex Bookstore, 1993.

Atkinson, Hilgard et al. Introduction to Psychology, 6th ed., New York: Harcourt Brace and Jovanovich, 1975.

Campbell, Bollas and Slades, A Manual of Writers of Term Papers, Theses and Dissertations, Chicago, 1975.

Diksyunaryong Filipino, Sentenyal ed. Quezon City: Merylvia Publishing House, 1999.

Downie, N, M, and Heath, R. W. Basic Statistical MEthods, New York: Harper and Row, 1974.

Ellis, Arthur K. Teaching and Learning Elementary School Subjects, Boston: Alyn and Bacibm Ubc, 1981.

Ferguson, George A. at Yoshio Takane, Statistical Analysis in Psychology and Education, 6th ed., New York: McGraw-Hill Book Co., 1989.

Good, Carter V. Dictionary of Education, Chicago: Prentice Hall, 1986.

Manuel, Bienvinido et al. New Thrust in Education, Current Digest, Quezon City, 1974.

Salandanan, Gloria G. et al. Teaching of Science and Health, Mathematics and Home Economics and Practical Arts, Quezon City: Katha Publishing, 1998.

Sevilla, Consuelo G et al. Research Methods, Quezon City: Rex Bookstore, 1992.

Van Daler, John. Educational Research, Pennsylvania: Prentice Hall, 1986.

Walpole, Ronald E. Introduction to Statistics, 3rd ed., New York: McMillan Book Co., Inc., 1982.

Almiranez, Nerisa A, “Innovations in Home Economics Education”, The Modern Teacher, Vol. 30, September, 1980.

Belen, Hermogenes, “Vocation of Education”, Current Digest, March, 1983.

Gomez, Eufemia M., “Teacher’s Role for Education 2000”, The PJE, Vol. 75, 1997.

Honrejas, Rosario T., “Elements of Quality Learning for Quality Education”, The Modern Teacher, Vol. XLIX, January 2001.

Ligeralde, Antonio B., “Causes of Poor Quality Education on Our Country Today”, The Modern Teacher, October, 1990.

Navarro, Josefina R., “Curriculum Redirection”, MPSTA Journal, June, 1973.

Tagami, Consolacion L., “The Teachers as an Important Factor Attaining Quality Education”, The JE, Vol. 72, September, 1998.

Tambago, Amelia A. “Teachers are Measured by What They Do”, The Modern Teacher, Vol. 77, September, 1998.

## C. MGA DI-NALATHALANG MATERYAL

Agpalasin, Rebecca C., “The Performance of Elementary Home Economics Teachers of Sta. Ignacia South District, District of Tarlac School YEar 1986-1987: An Analysis”, Di-nalathalang tesis, 1988.

Amalos, Sr., Rodrigo G. "The Status of Implementation of Elementary Agriculture and Teacher Factors in Relation to Work Attitudes", Di-nalathalang tesis, Leyte Institute of Technology, Tacloban City, 1990.

Andoy, Lourdeesito R., "An Appraisal of the Industrial Arts Instruction for Both Boys and Girls in the Intermediate Grades, School District of Baclayon, 1986-1987 and Its Implications to Community Development: A Proposed Instructional Program for Industrial Arts", Di-nalathalang tesis, University of Bohol, Tagbilaran City, 1987.

Bomas-ang, Caridad F., "The Implementation of the Public Elementary Home Economics Program in the Division of Mountain Province 1981-1982: An Assessment", Di-nalathalang tesis, Baguio Central University, Baguio City, 1982.

Cauba, Jose S., "Status and Problems of Industrial Arts Instruction in the Public Elementary School in the Division of cabanatuan City", Di-nalathalang tesis, Wesleyan UNiversity, Cabanatuan City, 1983.

Cubias, Tomas, "The Implementation of the Industrial Arts Program in the Three District of Mati, davao Oriental as Perceived by the Industrial Arts Teacher and School Administrators", Di-nalathalang tesis, International Harvardian University, Davao City, 1984.

Dizon, Agusto M., "The Performance Profile of the Public Elementary School Teachers in Agriculture in the Division of Pampanga 1987-1988", Di-nalathalang tesis, Republic Central College, Pampanga, 1988.

Eria, Teresita I., "The Implementation of the Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Program in the Division of Quezon: An Appraisal", DI-nalathalang tesis, Polytechnic University of the Philippines, Manila, 1993.

Gagui, Marcelino F., "The Home Economics and Livelihood Education Program as Implemented in the Public Elementary Schools, Division of Benguet", Di-nalathalang tesis, Baguio Central University, Baguio City, 1989.

Tingzon, Arturo U. "Selected Factors in Industrial Arts Instruction and Their Influences on Teachers' Competence in the Implementation of Activity Analysis", Di-nalathalang tesis, Leyte Institute of Technology, Tacloban City, 1990.

Wad-as, Delilah T., "Teaching Comptencies of Home Ecomics and Livelihood Education teachers in Selected Districts of Abra", Di-nalathalang tesis, Bagui Central University, Baguio City, 1997.

**D. IBA PANG SANGGUNIAN**

Department Order No. 6, s. 1973, "Guideliness Work Oriented Curriculum".

DECS Order No. 92, Serye 1988. "The Teaching of Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan" sa Ilalim ng Binagong Kurikulum sa Elementarya.

PRODED Educational Program, "Home Economics and Livelihood Education", Teacher's Reading.

# APENDISE

## APENDIKS A

SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE
GRADUATE SCHOOL DEPARTMENT
Catbalogan, Samar

November 14, 2000

THE DEAN
Graduate School
SSPC, Catbalogan, Samar

Sir:

In my desire to write my thesis in the MAED Program, I have the honor to submit three titles for approval and preferably No. 1:

1. KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA ISANG INTERBENSYONG PROGRAMA
2. MGA KASANAYAN SA BINAGONG KOMPETENSI SA EDUKASYON PANGTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP): ISANG PAGSUSURI
3. PERFORMANCE OF GRADE V & VI MULTI-GRADE CLASSES IN EPP IN THE DISTRICT OF TARANGNAN-PAGSANGHAN DURING THE SCHOOL YEAR 1998-1999.

I anticipate favorable approval on this request.

Very truly yours,

(SGD.) FELIXZARO R. BORATA
Graduate Student

APPROVED:

(SGD.) EUSEBIO T. PACOLOR, Ph. D.
Dean, Graduate Studies Department

**APENDIKS B**

Republic of the Philippines
SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE
Catbalogan, Samar

November 17, 2000

**Dear Dr. Ulrico B. Mustacisa:**

Please be informed that you have been designated as adviser of **FELIXZARO R. BORATA**, candidate for the degree in **Master of Arts in Education (MAED) major in Elementary Education** who proposes to write a thesis on "KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA ISANG INTERBENSYONG PROGRAMA."

Thank you for your cooperation

Very truly yours,

**(SGD.) EUSEBIO T. PACOLOR, Ph. D.**
Dean, Graduate/Post-Graduate Studies

CONFORME:

**(SGD.) ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.**
Adviser

**APENDIKS C**

SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE
GRADUATE SCHOOL DEPARTMENT
Catbalogan, Samar

July 10, 2001

THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT
DECS, Division of Samar
Catbalogan, Samar

M a d a m :

I have the honor to request permission to field my questionnaire entitled, "KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA INTERBENSYONG PROGRAMA".

These survey questionnaires will be intended to the following schools:

1. Daram I Central School;
2. Hinabangan Central School;
3. Jiabong Central School;
4. Marabut Central School;
5. Sta. Margarita Central School;
6. Sta. Rita Central School;
7. San Jose de Buan Central School;
8. Sto. Niño Central School;
9. Gandara I Central School, and
10. Gandara II Central School.

The data gathered will be used for my research study for the completion of the degree, Master of Arts in Elementary Education, which I am pursuing in the said graduate school.

Hoping for your favorable approval on this request.

Very truly yours,

(SGD.) FELIXZARO R. BORATA
Researcher

APPROVED:

(SGD.) THELMA C. QUITALIG, Ph. D., CESO V
Schools Division Superintendent

**APENDIKS D**

SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE
PAARALANG GRADWADO
Catbalogan, Samar

Nobyembre 25, 2000

Mahal na Guro:

Isang magandang araw at mabuhay!

Ang nakalagda ay isang gradwadong mag-aaral ng Samar State Polytechnic College, Paaralang Gradwado, Catbalogan, Samar na nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "KAKAYAHAN NG MGA GURO SA INTERMEDYA SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN: ISANG PAGTATAYANG PAG-AARAL PARA SA ISANG INTERBENSYONG PROGRAMA", bilang isang parsyal na kailangan para sa degring Master sa Sining ng Elementaryang Edukasyon.

Sa dahilang ito, hinihingi ko ang inyong kaunting panahon na mapunan ang mahahalagang impormasyon at sa pagsagot sa mga katanungan nakasaad dito.

Aasahan kong mapahalagahan ang iyong mga kasagutan at mananatiling lihim at para lamang sa pananaliksik na ito.

Maraming salamat sa iyong kooperasyon at kagandahang loob.

Lubos na sumasainyo,

(SGD.) FELIXZARO R. BORATA
Mananaliksik

## APENDIKS E

## TALATANUNGAN

### BAHAGI I – PERSONAL DATOS

Pangalan (opsyunal): ____________________ Gulang: ______ Kasarian: _______

Tirahan (Address): ____________________________________________________

Kalagayang Sibil: (Itsek ang isa)

| | |
|---|---|
| ☐ Reg. | ☐ Guro I |
| ☐ Prob. | ☐ Guro II |
| ☐ Subs. | ☐ Guro III |
| | ☐ MT I |
| | ☐ MT II |
| | ☐ TIC |

Bilang ng Taon sa Pagtuturo: ____________________________________________

Kwalipikasyong Edukesyonal: ____________________________________________

Salingkurang Pagsasanay (In-service Training): (Ilagay ang bilang sa tamang antas)

Purok ________________________________

Pansangay ________________________________

Panrehiyon/Pambansa ____________________

Buwanang Kita (Monthly Income): _______________________________________

**BAHAGI II - TUNGKOL SA PAGTUTURO NG EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP)**

**Panuto:** Mangyaring tsekan lamang ang akmang kolum na nagpapahiwatig ng iyong pagtaya sa kakayahan ng mga guro sa intermedya sa pagtuturo ng EPP sa pamamagitan ng sumusunod na tala:

5 – Pinakamahusay sa Pagsasagawa (PP)
4 – Mahusay na Mahusay (MM)
3 – May Kahusayan (MK)
2 – Di Gaanong Mahusay (DGM)
1 – Hindi Mahusay (HM)

| Mga Indikeytor | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) |
|---|---|---|---|---|---|
| **1.Paggamit ng Filipino Bilang Midyum na Panturo sa EPP** | | | | | |
| 1.1 Pagsulat ng banhay aralin | | | | | |
| 1.2 Pagpili ng layunin | | | | | |
| 1.3 Paggamit ng pamaraan | | | | | |
| 1.4 Aktual na pagtuturo | | | | | |
| 1.5 Pagtataya pagkatapos ng aralin | | | | | |
| 1.6 Iba pa (tiyakin) ____________ | | | | | |
| **2.Layunin sa Binagong Kompetensi** | | | | | |
| 2.1 Pagpili ng layuning angkop sa aralin | | | | | |
| 2.2 Pagpili ng layunin batay sa sumusunod na komponent: | | | | | |
| 2.2.1 Sining Pang-Agrikultura | | | | | |
| 2.2.2 Sining Pang-Industriya | | | | | |
| 2.2.3 Edukasyon Pantahanan | | | | | |
| 2.2.4 Tingian at Pangkalakal | | | | | |
| 2.2.5 Iba pa (tiyakin): ____________ | | | | | |
| **3.Pamamaraan/Pagdulog/Istratehiya** | | | | | |
| 3.1 Aling pamamaraan ang palagi mong ginagamit sa pagtuturo? | | | | | |
| 3.1.1 Pagbalak (Project) | | | | | |
| 3.1.2 Pagbuod (Inductive) | | | | | |
| 3.1.3 Pasaklaw (Deductive) | | | | | |
| 3.1.4 Panlaboratoryo (Laboratory) | | | | | |
| 3.1.5 Pakitang Turo (Demonstration) | | | | | |

| Mga Indikeytor | 5 (PP) | 4 (MM) | 3 (MK) | 2 (DGM) | 1 (HM) |
|---|---|---|---|---|---|
| 3.1.6 Palinang (Developmental) | | | | | |
| 3.1.7 Kasong Pag-aaral (Case Study) | | | | | |
| 3.1.8 Talakayan (Discussion) | | | | | |
| 3.1.9 Sariling Pamaraan (Self-Method) | | | | | |
| 3.1.10 Iba pa (tiyakin): _______________ | | | | | |
| **4.Pantayang Instrumento/Ebalwasyon** | | | | | |
| 4.1 Pagmasid (Observation) | | | | | |
| 4.2Ebalwasyon sa nabuong proyekto, halimbawa na kumakatawan sa antas ng kalidad (Completed work product) | | | | | |
| 4.3 Ebalwasyon sa kabatiran | | | | | |
| 4.3.1 Papel at lapis pagsusulit | | | | | |
| 4.3.2 Pagsusulit na inihanda ng Testing Services | | | | | |
| 4.3.3 Pagsusulit ng Sangay | | | | | |
| 4.3.4 Pagsusulit ng Rehiyon/Nasyunal | | | | | |
| 4.3.5 Iba pa (tiyakin): _______________ | | | | | |
| **5.Kasunduan/Takdang Aralin** | | | | | |
| 5.1 Pagbibigay ng takdang gawain | | | | | |
| 5.2 Proyekto sa bawat markahan | | | | | |
| 5.3 Pananaliksik | | | | | |
| 5.4 Iba pa (tiyakin): ____________________ | | | | | |

**BAHAGI III - MGA SULIRANIN NG MGA GURO SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP)**

**Panuto:** Mangyaring tsekan lamang ang naakmang kolum na nagpapahiwatig ng bigat ng suliranin na kinahaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa EPP sa pamamagitan ng sumusunod na tala:

5 – Pinakamatinding Suliranin (PS)
4 – Matinding-Matindi (MM)
3 – May Pagkamatindi (MP)
2 – Di-Gaanong Matindi (DGM)
1 – Hindi Matindi (HM)

| Mga Suliranin | 5 (PS) | 4 (MM) | 3 (MP) | 2 (DGM) | 1 (HM) |
|---|---|---|---|---|---|
| 1.Paggamit ng Filipino bilang wikang panturo at sa pagsulat ng banghay aralin | | | | | |
| 2.Pagpili ng mga layunin sa binagong kompetensi | | | | | |
| 3.Pagpili ng layunin naaangkop sa paksang ituturo sa apat na komponent | | | | | |
| 4.Paggamit ng mga batayang aklat at sanggunian sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral | | | | | |
| 5.Paggamit ng akmaing pamamaraan/ istratehiya sa paksang itinuturo | | | | | |
| 6.Paglinang ng aralin sa nakalaang oras ng iskedyul | | | | | |
| 7.Pagbuo ng mga pagsusulit bilang pantaya sa markahan | | | | | |
| 8.Pagpapagawa ng mga proyekto | | | | | |
| 9.Pagbibigay ng kasunduan at takdang gawain | | | | | |
| 10.Behebyor/pagsasagawa ng mga mag-aaral sa klase | | | | | |
| 11.Iba pang suliranin (tiyakin): ____________ ______________________ ______________________ ______________________ | | | | | |

## BAHAGI IV - MGA SOLUSYON SA MGA SULIRANIN NG MGA GURO SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA EDUKASYON PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN

**Panuto:** Mangyaring tsekan lamang ang naakmang kolum na nagpapahiwatig ng iyong pag-sang-ayon o hindi sa mga solusyon para sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa EPP sa pamamagitan ng sumusunod na tala:

5 - Lubos na sumasang-ayon (LS)
4 - Sumasang-ayon (S)
3 - Hindi Sigurado (HS)
2 - Di-Sumasang-ayon (DS)
1 - Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

| Mga Solusyon | 5 (LS) | 4 (S) | 3 (HS) | 2 (DS) | 1 (LDS) |
|---|---|---|---|---|---|
| 1.Pagsasagawa ng salingkurang pagsasanay sa Sining ng Komunikasyon | | | | | |
| 2.Pagsasagawa ng Gawaing Kapulungan sa pagbabadyet ng leksiyon | | | | | |
| 3.Pagsusuri ng mga layunin | | | | | |
| 4.Pagsusuri sa mga batayang aklat | | | | | |
| 5.Pagsasagawa ng mga serye ng pakitang-turo | | | | | |
| 6.Pagmamasid | | | | | |
| 7.Pagwoworkshop | | | | | |
| 8.Pagsusubaybay | | | | | |
| 9.Pagmomonitor | | | | | |
| 10.Talakayan | | | | | |
| 11. Iba pang solusyon (tiyakin): ____________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ | | | | | |

**MARAMING SALAMAT!!!**

**Ang Mananaliksik**

# KURIKULUM BITA

# KURIKULUM BITA

## I - DATOS PERSONAL

| | | |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | : | **FELIXZARO REPOL BORATA** |
| **TIRAHAN** | : | Casirac Avenue, Pagsanghan, Samar |
| **KAPANGANAKAN** | : | Hunyo 17, 1972 |
| **KASALUKUYANG KATUNGKULAN** | : | Ulong Guro III |
| **ISTASYON** | : | Paaralang Elementarya ng Villahermosa<br>Purok ng Pagsanghan |
| **KATAYUANG SIBIL** | : | May asawa |

## II - SANLIGANG EDUKESYONAL AT KARANGALANG NATANGGAP

| | | |
|---|---|---|
| Elementarya | : | Paaralang Sentral ng Pagsanghan<br>Pagsanghan, Samar<br>1978 - 1984<br>I - IV - Unang Karangalan<br>VI - Most Obedient |
| Sekundarya | : | Mataas na Paaralan ng Samar (SNS)<br>Catbalogan, Samar<br>1984 - 1988<br>Kasapi - SNS Drum and Buggle Corps |
| Kolehiyo | : | Batsilyer ng Agham sa Sining Pang-Industriya<br>Samar State Polytechnic College<br>Catbalogan, Samar<br>1988 - 1992 |

Gradwadong Pag-aaral : Master sa Sining ng Elementaryang Edukasyon (MAEED)
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar
1992 - 2002

## III - KARAPATANG SERBISYO SIBIL

Career Service Professional Examination : 80%
SSPC, Catbalogan, Samar
July 26, 1992

Professional Board Examination For Teachers : 74.10%
SNS, Catbalogan, Samar
October 25, 1992

Presidential Decree No. 907

## IV - MGA GAWAD/KARANGALANG NATANGGAP

CUM LAUDE : BSIE, SSPC, 1992

Certificate of Recognition : Outstanding and Meritorious Services rendered during the SUMMER CAMP of the Samar Council, BSP held at Quinabut-an Spring Resort, Brgy. Patag, Paranas, Samar
April 16-19, 2001

Certificate of Merit : Meritorious and Unstinted Support given to the Samar Council, BSP for its Outstanding Performance in reaching the 50th Golden Anniversary and beyond
March 23, 2001

| | | |
|---|---|---|
| Golden Leadership-National Award (by PHILEXERS) | : | Given to citizen who have achieved the Goal of Success in his chosen line of profession as well as his concern to humanity in rendering services for the good of his fellowmen and the country<br>September 23, 2001 |
| Certificate of Merit | : | Outstanding Services and Support to the Cause of Boy Scouting in Samar Council, Catbalogan, Samar<br>October 14, 1994 |

**V - KATUNGKULAN PANSIBIKO/PANRELIHIYON**

| | | |
|---|---|---|
| Auditor | : | Future Farmers of the Philippines (FFP) SSPC Catbalogan Chapter, 1992 |
| President | : | Pagsanghan Lawn Tennis Association (PALTA), 2000 - kasalukuyan |
| President | : | Pagsanghan Samar Elementary School Alumni Association (PSESAA), 2001 - |
| Chairman | : | People's Law Enforcement Board (PLEB)<br>Pagsanghan, Samar<br>2002 |
| President | : | Catholic Faith Lay Apostolic Movement of the Philippines (CFLAMP)<br>2001 - 2007 |
| Auditor | : | Parish Pastoral Council<br>Sto. Niño Parish, Pagsanghan, Samar<br>2001 - |
| Grand Knight | : | Knights of Columbus<br>Pope John Paul II Council, Council # 13913 |

## VI - MGA GAWAING KAPULUNGAN AT SALINGKURANG PAGSASANAY NA NILAHUKAN

Pansangay na Gawaing-Kapulungan sa Pagpapataas ng Kalidad sa Pagtuturo ng Filipino at Pananaliksik, ginanap sa Paaralang Sentral ng Catbalogan I, Catbalogan, Samar, noong Agosto 6-7, 1993.

Two-Day Division-Based Regional Orientation Training on Multigrade Teaching, held at SNS, Catbalogan, Samar on June 10-11, 1994.

Seminar-Workshop on "Personal Safety and Prevention of Child Sexual Abuse," held at BSP Building, Catbalogan, Samar on December 2-4, 1999.

Orientation Workshop of the Regular Annual Collection and Processing of Basic Education Data, held at Redaja Hall, DECS, Division Office, Catbalogan, Samar on Marchn 14-15, 2000.

Fourth Level Training of Census Enumerators, held at Gandara, Samar, on April 24-29, 2000.

Division Seminar-Workshop on Item Analysis and Test Validation, at Redaja Hall, Division Office, Catbalogan, Samar on July 4-5, 2000.

Division Training for Elementary Mathematics Teachers, held at Redaja Hall, Division Office, Catbalogan, Samar on September 8-9, 2001.

Training Program on the 2002 BEC Reform and Its Implementation, held at Redaja Hall, Division Office, Catbalogan, Samar on April 11-15, 2002.

Basic Training Course for Troop Leaders (WBC 244), held at Camp Capitol Hills, Cebu City on May 24 - 31, 2002.

Training Workshop for School Administrators on Inclusive Education, held at Catbalogan, Samar on September 29 - October 1, 2003.

Division Training of Trainors in Elementary Mathematics, held at Redaja Hall, DepEd, Catbalogan, Samar on May 26-30, 2003.

Training on the Revised Physical Fitness Test and Talent Identification, held at Burauen, Palo, Leyte on May 18-20, 2004.

Test Development Course & Management of Learning Outcomes, at Saint Mary's Child Development Center (SMCDC), Catbalogan, Samar on November 12-25, 2005.

Empowerment Program for Grievance Committee and PSB Members, held at Redaja Hall, Catbalogan, Samar on April 18-19, 2006.

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Gulang at Kasarian ng mga Guro sa Edkusyon Pantahanan at Pangkabuhayan | 41 |
| 2 | Katayuang Sibil ng mga Guro sa EPP | 42 |
| 3 | Posisyon Bilang Guro | 43 |
| 4 | Bilang ng Taon sa Pagtuturo | 45 |
| 5 | Kwalipikasyong Edukesyonal ng mga Guro | 46 |
| 6 | Salingkurang Pagsasanay na Nilahukan ng mga Guro | 47 |
| 7 | Buwanang Kita ng mga Gurong Tagasagot | 48 |
| 8 | Pagtatamong Antas (Achievement Level) ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taong Pagsusulit sa EPP | 49 |
| 9 | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP Ayon sa Guro at Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino Bilang Midyum na Panturo | 52 |
| 10 | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP Ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pagpili ng Layunin | 54 |
| 11 | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP Ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pamaraan/ Pagdulog/Istratehiya | 56 |
| 12 | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP Ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pantayang Instrumento/ Ebalwasyon | 59 |
| 13 | Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP Ayon sa mga Guro at Mag-aaral sa Pagbigay ng Takdang Aralin | 62 |

Talahanayan Pahina

14 Pagkakaiba sa Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo ng EPP Batay sa Limang Indikeytor ........................................ 63

15 Balangkas ng Halaga ng t sa Paghahambing ng Persepsyon ng mga Guro at ang Mag-aaral sa Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP .......................... 66

16 Balangkas ng Kaugnayan ng Natamong Antas ng mga Mag-aaral sa Panggitnang Taong pagsusulit at ang Antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng EPP .......................... 69

17 Mga Suliraning kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan ............................................ 71

18 Mga Solusyon sa mga Suliraning Kinaharap ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan .......................... 74

## TALAAN NG MGA FIGURA


| Figura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Batayang Konseptwal ng Pag-aaral .................... | 8 |
| 2 | Ang Mapa ng Probinsya ng Samar na Nagpapakita ng Sangay ng Samar ......................... | 13 |